# TAWHEED

# 2

**ISINALIN SA TAGALOG NI:**
**MOHAMMAD TAHA ALI**

# توحيد

[باللغة الفلبينية (تجالوج)]

**ترجمة:**
**محمد طه علي**


المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة

ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH



P.O.BOX 29465 RIYADH 11457 - TEL 4454900 - 4916065
FAX 4970126 - E-Mail:rabwah@www.com

# MGA SALIGAN NG ISLAMIKONG PANINIWALA

Ang Relihiyong Islam (tulad ng naisalaysay sa una) ay binubuo ng paniniwala at batas, datapuwa’t tinalakay na natin ang ilan sa mga batas nito, at nabanggit din natin ang mga haligi nito, na siyang tinataguriang mga saligan ng mga batas nito.
At tungkol naman sa islamikong paniniwala, ang mga haligi nito ay anim, at ito ay tinatawag na mga saligan ng Pananampalataya:

# MGA SALIGAN NG PANANAMPALATAYA

1- Ang Paniniwala sa Kaisahan ng Allah.
2- Ang Paniniwala sa mga Anghel.
3- Ang Paniniwala sa mga Kasulatan.
4- Ang Paniniwala sa mga Sugo.
5- Ang Paniniwala sa Kabilang Buhay.
6- At ang Paniniwala sa Tadhana, ang mabuti at masama nito.
Sa katunayan, ang Aklat ng Allah at ang Sunnah (ng Propeta ﷺ) ay kapwang nagpapatotoo sa mga saligan na ito:

Ang Allah ay nagsasabi sa banal na Aklat (ang Qur’an):

﴿لَيْسَ الْبِرَّ أَنْ تُوَلُّواْ وُجُوْهَكُمْ قِبَلَ الْمَشْرِقِ وَالْمَغْرِبِ وَلَكِنَّ الْبِرَّ مَنْ آمَنَ بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ الآخِرِ وَالْمَلآئِكَةِ وَالْكِتَابِ وَالنَّبِيِّيْنَ﴾

{Hindi isang kabanalan na iharap ang inyong mga mukha sa dakong silangan o kanluran (sa pagdarasal), datapuwa't ang kabanalan ay (isang katangian ng) sinumang naniniwala sa Allah, sa Huling Araw, sa mga Anghel, sa Aklat, at sa mga Propeta}. Al-Baqarah (2): 177

At tungkol naman sa Qadar, Siya (Allah) ay nagsabi:

﴿إِنَّا كُلَّ شَيْءٍ خَلَقْنَاهُ بِقَدَرٍ، وَمَآ أَمْرُنَآ إِلَّا وَاحِدَةٌ كَلَمْحٍ بِالْبَصَرِ﴾

{Katotohanang Aming nilikha ang lahat ng bagay na may kaukulang Tadhana, at ang Aming pag-uutos ay tanging isa, na katulad ng isang kurap ng mata}. Al-Qamar (54): 49-50

Ayon naman sa Sunnah (Hadith), si Umar (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: “Nang mga sandaling kami ay nakaupo sa harap ng Sugo ng Allah (ﷺ) isang araw, biglang may sumulpot sa amin na isang lalaki, na napakaputi ng damit, napakaitim ng buhok, ni hindi nahahalata sa kanya ang bakas ng paglalakbay, at walang sinumang nakakakilala sa kanya sa amin, hanggang sa umupo sa harapan ng Propeta (ﷺ), at itinumbok ang kanyang dalawang tuhod sa magkabilang tuhod ng Propeta (ﷺ) at ipinatong ang kanyang dalawang kamay sa magkabilang hita nito (ﷺ), at kanyang sinabi: [O Muhammad! Ipabatid mo sa akin ang tungkol sa Islam?

Sumagot naman ang Sugo ng Allah (ﷺ): Ang Islam ay ang pagsasaksi mo na walang tunay na Diyos maliban sa Allah, at si Muhammad ay tunay na Sugo ng Allah, ang pagsasagawa mo ng Salah, ang pagbibigay mo ng Zakah, ang pag-aayuno mo sa buwan ng Ramadan, at ang pagsasagawa mo ng Hajj o pagdalaw sa sagradong bahay (ng Allah sa Makkah), kung nakayanan mo ang panustos ng daan papunta roon. Siya (ang lalaki) ay nagsabi: Tama ka! Kaya kami ay nagtaka sa kanya, dahil nagtatanong siya sa Propeta at pinapatotohanan niya. Siya ay muling nagsabi: Sabihin mo sa akin ang tungkol sa Iman? Siya (ang Propeta ﷺ) ay nagsabi: Ang iyong paniniwala sa Allah, sa Kanyang mga Anghel, sa Kanyang mga Kasulatan, sa Kanyang mga Sugo, sa Huling Araw, at ang iyong paniniwala sa kaukulang Tadhana, ang mabuti nito at masama nito. Siya ay nagsabi muli: Tama ka. Kanyang sinabi ulit: Sabihin mo sa akin ang tungkol sa Ihsan? Siya (ang Propeta ﷺ) ay nagsabi: Ang iyong pagsamba sa Allah nang para mo Siyang nakikita, at kung hindi mo Siya nakikita, tunay na Siya ay nakakakita sa iyo. At muli siyang nagsabi: Sabihin mo sa akin ang tungkol sa Oras (ng pagbangon muli)? Kanyang (ﷺ) sinabi: Ang tinatanong tungkol dito ay higit na hindi nakaaalam kaysa sa nagtatanong. Siya ay nagsabi ulit: Sabihin mo sa akin ang mga palatandaan nito. Kanyang (ﷺ) sinabi: Kapag ang mga anak ay mapang-abuso na sa kanilang mga magulang, at makikita mo nang ang mga mahihirap ay nag-aalaga na ng tupa na halos walang damit at sapatos, na nag-uunahan sa pagpapatayo ng matataas na gusali. Pagkatapos, siya ay lumisan..makalipas muna nang ilang araw, saka niya (ﷺ) sinabi sa akin: O Umar! Alamo ba, kung sino ang nagtatanong na iyon?. At aking sinabi: Ang Allah at ang Kanyang Sugo (ﷺ) ang tanging nakakaalam nito. Siya (ang Propeta ﷺ) ay nagsabi: Siya si Jibril, dumating sa inyo upang turuan kayo sa inyong relihiyon"]. Isinalaysay ni Muslim

Ang anim na saligang ito ay napagkaisahan ng lahat ng Sugo at lahat ng Batas, at nakasaad sa mga banal na Kasulatan. Kaya hindi ganap ang pananampalataya ng isang tao hangga't hindi niya pinaniniwalaan ang mga ito, at sinuman ang tumanggi sa isa sa mga ito, siya ay tumiwalag sa pananampalataya at siya ay magiging Kafir na.

# 1- ANG PANINIWALA SA ALLAH

Ang paniniwala sa Allah ay ang wagas na pananalig at paniniwala sa pagka-panginoon ng Allah, ang tanging namamahala, nagmamay-ari at lumikha sa lahat ng bagay. Kaya Siya lamang ang karapat-dapat pag-ukulan ng lahat ng uri ng pagsamba, at ang may ganap na Katangian. Luwalhatiin Siya sa lahat ng kakulangan at kapintasan na iniaanib sa Kanya, kaya't dapat lang na mapanatili ito at maging tapat sa pagsagawa nito.

## Ang paniniwala sa Allah ay binubuo ng apat na sangkap:

**Una- Ang paniniwala sa pagkakaroon ng Allah:** Ang pagkakaroon ng Allah ay napapatunayan sa mga sumusunod na babanggitin:

**1- Sa Fitrah (Kalikasan):** Sa katunayan, ang bawa't nilalang ay nilikha na may angking Fitrah (kalikasang pagkilala at paniniwala sa Tagapaglikha), ni hindi na kailangang pairalin pa ang isipan dito o bigyan ng masusing pag-aaral. Bagkus ito'y hindi kusa na lamang nawawala at naibabaling sa iba, maliban kung may panibagong nagaganap sa kanyang kalooban, at ito ang nagiging dahilan ng kanyang paglihis mula rito.
Sapagka't ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: [Ang lahat ng sanggol ay ipinanganganak sa Fitrah (Islam), Samakatuwid ang kanyang dalawang magulang ang nagtatakda ng kanyang pagiging Hudyo, Kristiyano at Pagano). Isinalaysay ni Al-Bukhari

**2- Sa Kaisipan:**
Ang lahat ng nilikhang ito, ang mga nauna at ang sumusunod pa rito, dapat lamang na may lumikha at gumawa nito, ni hindi maaaring magkaroon ang isang may buhay, na siya mismo ang lumikha sa kanyang sarili, at ito'y hindi rin maaari na bigla na lamang sumulpot. Ang mga ito ay hindi nilikha nang walang pinagmulan, at hindi rin sila ang lumikha sa kanilang mga sarili.

Ito ay pinatutunayan ng Quran, ang Allah ay nagsabi: ﴿أَمْ خُلِقُوْا مِنْ غَيْرِ شَيْءٍ أَمْ هُمُ الْخَالِقُوْنَ﴾

{Sila ba ay nilikha mula sa kawalan, o sila ba ang tagapaglikha (ng kanilang sarili)?}. At-Tur (52): 35

**3- Sa Batas:**
At ng dahil sa ang lahat ng kasulatang pangkalangitan ay nagsasabi nito, at sa mga naihatid nito (mula sa mga wastong pananalig na naglilinis ng kalooban) at sa mga matuwid na alituntunin nito na sumasaklaw sa lahat ng ikabubuti ng nilalang. Ito'y nagpapatunay lamang na ang lahat ng mga ito ay nagmula sa nag-iisang Panginoon, na ganap sa paggawa at ang tanging nakakaalam sa ikabubuti ng Kanyang mga nilikha, at gayon din sa mga naihatid nito tungkol sa mga pangkalawakang balita na siya namang napatunayan sa kasalukuyang panahon, na ang lahat ng ito ay pawang katotohanan. Ito'y nagpapatunay lamang na nag-iisang Panginoong makapangyarihan ang tanging may kakayahang lumikha sa lahat ng Kanyang tinuran at ginusto.

**4- At sa Pakiramdam:** Ito ay may dalawang bahagi:
1- Katotohanan, tayong lahat ay nakakarinig at nakakasaksi sa mga katuparan ng kahilingan ng taong humihiling, at ng mga taong humihiling para sa ikagagaan ng kanilang paghihirap. Samakatuwid, ito'y isang patunay nang walang pag-aalinlangan sa pagkaroon ng Allah, at ito'y pinatunayan na ng Qur'an at ng Sunnah.

Gaya ng nakasaad sa Banal na Qur'an: ﴿وَنُوْحاً إِذْ نَادَى مِنْ قَبْلُ فَاسْتَجَبْنَا لَهُ﴾

{At si Nuh, tandaan nang siya ay manawagan noon, at siya ay Aming tinugunan}. Al-Anbiya (21): 76

At sa Sunnah, ito ay patungkol sa kuwento ng isang arabo, nang siya ay pumasok sa Masjid sa araw ng Biyernes, at kanyang hiniling sa Sugo ng Allah (ﷺ) na humiling ito sa Allah ng ulan para sa kanila.
2- Ang mga tanda ng mga Propeta na tinatawag na Mu`jizat (kapangyarihan), ito ay tunay na nasaksihan na ng mga tao o narinig nila. Ito'y patunay lamang sa pagkaroon ng nagsugo sa kanila, na walang iba kundi ang Allah, sapagka't ang lahat ng mga ito ay mga bagay na humihigit sa kakayahan ng tao, kaya ito ay mga himala mula sa Allah upang maging katibayan at gabay ng Kayang Sugo sa kanyang pagka-propeta, bagkus ito'y nakakatulong sa kanila.

**Ang mga halimbawa nito:**
Si Musa (Moises), kanyang hinampas ang dagat, ito ay nahati at nagmistulang daanan.
Si `Isa (Hesus), bumubuhay ng patay (sa kapahintulutan ng Allah).
Si Muhammad (ﷺ), itinuro niya ang buwan, at ito ay nahati ng dalawang bahagi.

**Pangalawa- Ang paniniwala sa Kanyang pamamahala:**
Ang ibig sabihin nito: Siya lamang ang kaisa-isang Panginoon na namamahala, wala Siyang katambal at wala Siyang kasama na tumutulong sa Kanya (**Tawheed Ar-Rubuobiyyah**).

Ang ibig sabihin ng **Rab** ay ang nagmamay-ari ng mga nilalang, kaharian at ng lahat ng bagay.
Ang Allah ay nagsabi: ﴿أَلَا لَهُ الْخَلْقُ وَالْأَمْرُ﴾

{Katiyakang pagmamay-ari Niya ang lahat ng nilalang at ang pag-uutos}. Al-A`raf (7): 54

**Pangatlo- Ang paniniwala sa Kanyang pagka-Diyos:**
Ang ibig sabihin nito: Siya lamang ang kaisa-isang tunay na Diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng lahat ng uri ng pagsamba, wala Siyang katambal (**Tawheed Al-Uloohiyyah**), at ang ibig sabihin ng "ilaah" ay ang tanging pag-uukulan ng pagmamahal at pagsamba.
Sinabi ng Allah: ﴿وَإِلَهُكُمْ إِلَهٌ وَاحِدٌ لَّا إِلَهَ إِلَّا هُوَ الرَّحْمَنُ الرَّحِيْمُ﴾

{At ang inyong Panginoon ay iisa, walang tunay na Diyos maliban sa Kanya, ang Mapagpala, ang Mahabagin}. Al-Baqarah (2): 163

**Pang-apat- Ang paniniwala sa Kanyang mga Pangalan at Katangian:**
Ang ibig sabihin nito: Ang pagpapatunay sa mga pinatutunayan ng Allah sa Kanyang Sarili sa Qur'an, o sa Sunnah ng Kanyang Sugo (ﷺ) tungkol sa mga pangalan at katangiang naaangkop lamang sa Kanya, ng walang pagpapalit ng kahulugan, walang pagtatanggi ng kahulugan, walang paglalarawan ng kahulugan, at walang paghahalintulad.

Sinabi ng Allah sa Qur'an: ﴿وَلِلَّهِ الأَسْمَآءُ الْحُسْنَىٰ فَادْعُوْهُ بِهَا﴾

{At taglay ng Allah ang naggagandahang mga pangalan, kaya't manalangin kayo sa Kanya sa pamamagitan ng mga ito}. Al-A`raf (7): 180

At sinabi pa Niya: ﴿لَيْسَ كَمِثْلِهِ شَيْءٌ وَهُوَ السَّمِيْعُ الْبَصِيْرُ﴾

{Sa Kanya ay walang katulad na anupaman, at Siya ay ang Nakaririnig, ang Nakakakita}. Ash-Shura (42): 11

## Ang Paniniwala sa Allah ay Nagdudulot ng Magagandang Aral:

**Ang ilan sa mga halimbawa nito ay ang mga sumusunod:**

1- Napapatunayan dito ang Kaisahan ng Allah, dahil sa Kanya lamang naiuukol ang pagmamahal at takot, at naitatakwil ang lahat ng diyus-diyosan maliban sa Kanya.
2- Nagiging ganap ang pag-uukol ng pagmamahal at pag-samba sa Kanya, sa pamamagitan ng Kanyang magagandang Pangalan at matataas na Katangian.
3- Ang pagpapatunay sa pagsamba sa Kanya lamang, sa pamamagitan ng pagsasagawa ng Kanyang mga ipinag-uutos, at pag-iwas sa Kanyang mga ipinagbabawal.
4- Ang kaligayahan dito sa mundo at sa kabilang buhay.

# 2- ANG PANINIWALA SA MGA ANGHEL

Ang paniniwala sa mga Anghel ay ang wagas na paniniwala na ang Allah ay may mga Anghel at Kanyang nilikha sila mula sa liwanag at inatasan silang lahat ng gawain na dapat nilang gampanan at binigyan sila ng ganap na kapangyarihan at kakayahan para sumunod sa Kanyang ipinag-uutos at isakatuparan ito. Sila ay nasa isang daigdig na lingid, mga nilalang, sumasamba sa Allah, wala silang taglay na anumang mga katangian ng pagka-panginoon at pagka-diyos.

Ang Allah ay nagsabi sa Quran:

﴿وَلَهُ مَنْ فِي السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضِ وَمَنْ عِنْدَهُ لاَ يَسْتَكْبِرُوْنَ عَنْ عِبَادَتِهِ وَلَا يَسْتَحْسِرُوْنَ، يُسَبِّحُوْنَ اللَّيْلَ وَالنَّهَارَ لاَ يَفْتُرُوْنَ﴾

{At pagmamay-ari Niya ang sinumang nasa mga kalangitan at sa kalupaan. At ang sinumang (mga Anghel) naroroon sa Kanya ay hindi nagmamalaki sa pagsamba sa Kanya, at hindi naiinip o napapagod, sila ay nagpupuri sa gabi't araw, ni hindi sila nanghihina (sa kanilang ginagawa)}. Al-Anbiya (21): 19-20

Sadyang napakarami ng bilang nila, walang nakakaalam nito maliban sa Allah, at tunay na napagtanto sa Sahihain (Al-Bukhari at Muslim) batay sa Hadith na naiulat ni Anas (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) tungkol sa kuwentong "Al mi`raj", na sa oras na yaon ay ipinagbigay alam sa Propeta (ﷺ) ang tungkol sa **Al-Baytul Ma'moor** na nasa langit, na sa bawat araw ay nagsasalah doon ang pitumpong libo na mga Anghel, na kapag sila'y lumabas mula roon , hindi na sila bumabalik.

## Ang Paniniwala sa Mga Anghel ay Binubuo ng Apat na Sangkap:

1- Ang paniniwala sa pagkaroon nila.

2- Ang paniniwala sa sinumang nalaman natin ang kanyang pangalan sa kanila: katulad ni Jibril atbp., at sa kanila naman na hindi natin nalaman ang kanilang pangalan, atin pa rin silang paniwalaan sa pangkalahatang pananaw.

3- Ang paniniwala sa anumang nalaman natin sa kanilang mga kaanyuhan: tulad ng anyo ni Jibril, tunay na ipinahayag ng Propeta (ﷺ) na kanya itong nakita sa tunay na anyo ng pagkakalikha sa kanya, at mayroon siyang anim na daan na pakpak, na halos natabingan nito ang buong himpapawid.

Kung minsan ay nagpapalit ng anyo ang anghel sa kapahintulutan ng Allah sa anyong lalaki, katulad ng nangyari kay Jibril nang ipadala siya ng Allah para pumunta kay Maryam at siya ay nagsa-anyo sa harap niya ng isang ganap na tao, at gayon din nang dumating siya sa Propeta (ﷺ), habang siya ay nakaupo kasama ng kanyang mga kasamahan, siya ay nagsa-anyo ng isang lalaki. (Isinalaysay ni Muslim)

At gayon din naman ang mga anghel na ipinadala ng Allah kay Ibrahim at Lut, sila'y nagsa-anyong mga lalaki.

4- Ang paniniwala sa anumang nalaman natin sa kanilang mga gawain, na isinasakatuparan nila ayon sa pag-uutos ng Allah, katulad halimbawa ng pagluwalhati sa Kanya, at pagsamba sa Kanya sa gabi't araw nang walang pagyayamot, ni panghihina dulot ng kapaguran.

Maaaring ang iba sa kanila ay may partikular na mga gawain, katulad halimbawa ni Jibril, siya ang pinagkatiwalaan sa Kapahayagan ng Allah, sa kanya ipinapadala ito para sa mga Propeta at Sugo, at si Mikail naman, ang naatasan sa ulan at mga pananim, at si Israfil ang naatasan sa pag-ihip ng tambuli, kung kailan dumating ang takdang oras ng paghuhukom at pagbangon-muli ng nilalang, at si Malakal Maut ang inatasan sa paghugot ng mga kaluluwa sa takdang oras ng kamatayan, at si Malik ang inatasan sa Impiyerno, at siya ang tagapagbantay sa Apoy ng Impiyerno.

At tulad ng iba pang mga Anghel na inatasang namamahala sa mga batang nasa mga sinapupunan, na kapag sinapit ng tao ang apat na buwan sa loob ng tiyan ng kanyang ina, magpapadala ang Allah ng anghel sa kanya, at Kanyang ipag-uutos dito na isulat ang panustus nito, ang takda ng buhay nito, ang gawain nito, at kung ito ay magiging masama o mabuting tao, gayundin ang mga anghel na inatasan sa pangangalaga ng mga inapo ni Adam, at ang mga anghel na inatasang namamahala sa mga gawain ng inapo ni Adam, at ang pagsulat dito sa bawat tao sa pamamagitan ng dalawang anghel, ang isa sa kanila ay nasa bandang kanan at ang ikalawa ay nasa kaliwa, at ang mga Anghel na inatasan sa pagtatanong sa patay, na kapag nailagay na ito sa kanyang libingan, darating sa kanya ang dalawang anghel na sila, Munkar at Nakir na magtatanong sa kanya tungkol sa kanyang Panginoon, sa kanyang relihiyon at propeta.

## Ang Paniniwala sa Mga Anghel ay Nagdudulot ng Magagandang Aral:

**Ang ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod:**

1- Ang kaalaman sa kadakilaan ng Allah, sa kanyang lakas at kapangyarihan, sapagkat ang pagkadakila ng mga nilalang ay nagtuturo sa kadakilaan ng Tagapaglikha.

2- Ang pagpapasalamat sa Allah sa pangangalaga Niya sa mga inapo ni Adam,dahil ang iba sa mga anghel na iyon ay itinalaga para pangalagaan sila, at isulat ang kanilang mga gawain at iba pa roon, para sa kanilang kapakanan.

3- Ang pagmamahal sa mga anghel sa mga ginagampanan nilang mga tungkuling pagsamba sa Allah.

Datapuwa’t tumanggi ang ilan sa lipon ng mga **Zaigun** (mga naliligaw ng landas) sa pagkakaroon ng mga anghel na may mga sariling katawan, at ang sinasabi nila: Sila’y kathang isip lamang na sumasangguni sa mga mabubuting gawain ng mga nilalang. Ito ay isang pagpapasinungaling sa Aklat ng Allah at sa Sunnah ng Kanyang Sugo (ﷺ) at sa napagka-isahan ng mga Muslim.

Ang Allah ay nagsabi:﴿الْحَمْدُ لِلَّهِ فَاطِرِ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضِ جَاعِلِ الْمَلَائِكَةِ رُسُلاً أُوْلِي أَجْنِحَةٍ مَثْنَىٰ وَثُلَاثَ وَرُبَاعَ﴾

{Ang lahat ng papuri at pasasalamat ay sa Allah (lamang), ang Tagapaglikha ng mga kalangitan at kalupaan, ang Nagtakda sa mga anghel bilang mga sugo, na may kanya-kanyang mga pakpak, dalawa, tatlo o apat}. Fatir (35): 1

Ayon sa Sahih Al-Bukhari, na iniulat ni Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah): “Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: [Kapag nagustuhan ng Allah ang isang lingkod, Kanyang tinatawag si Jibril at sinasabi sa kanya: {Katotohanan, ang Allah ay nagagalak kay ginoo kaya dapat mo siyang kagalakan, kaya kanyang kagalakan ito}. Pagkatapos ay mananawagan Siya sa mga naroroon sa kalangitan: {Katotohanan, ang Allah ay nagagalak kay ginoo, kaya’t dapat ninyong kagalakan siya, at kanilang kagalakan ito}. Pagkatapos ay iparating sa kalupaan ang kanyang tagumpay]”.

At kanya pang iniulat, ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: “[Kapag araw ng Biyernes, ang bawat pintuan ng Masjid ay may mga anghel na isinusulat ang bawat pumapasok nang magkasunod-sunod, at kapag nakaupo na ang Imam, sila ay makikihanay na rin, at makikinig ng talumpati]”.

Ang mga talata na ito ay maliwanag na nagpapatotoo na ang mga anghel ay may sariling katawan, at hindi kathang isip lamang, gaya ng sinasabi ng mga taong nawawala sa tamang landas, sa pamamagitan ng patunay at pahayag ng mga talatang ito, ang mga Muslim ay nagkaisa tungkol dito.

# ANG JINN

Ang mga Jinn ay may sariling daigdig na lingid, sila'y nilikha mula sa apoy, at sila'y naunang nilikha kaysa sa paglikha sa tao.

Gaya ng sinabi ng Allah: ﴿وَلَقَدْ خَلَقْنَا الْإِنْسَانَ مِنْ صَلْصَالٍ مِنْ حَمَإٍ مَسْنُوْنٍ، وَالْجَانَّ خَلَقْنَاهُ مِنْ قَبْلُ مِنْ نَارِ السَّمُوْمِ﴾

{At sa katunayan, Aming nilikha ang Tao (Adam) mula sa alabok na yari mula sa maitim na lupa na nagpapalit-palit ang kulay o amoy (nito), at ang Jinn (Iblis), Amin siyang nilikha na nauna (kay Adam) mula sa apoy na napakainit at walang usok}. Al-Hijr (15): 26-27

Sila'y inuubliga sa mga kautusang tinatanggap nila mula sa Allah, at sa mga ipinagbabawal nito, kaya't mayroon sa kanila ang sumasampalataya at mayroon ding hindi sumasampalataya, mayroong sumusunod at mayroon ding sumusuway.

﴿وَأَنَّا مِنَّا الصَّالِحُوْنَ وَمِنَّا دُوْنَ ذَلِكَ كُنَّا طَرَآئِقَ قِدَداً﴾

{At katotohanan, ang iba sa amin ay mabubuti at ang iba ay bukod doon (palatutol), kami ay mga pangkat na magkakaiba (ang sekta ng paniniwala)}. Al-Jinn (72): 11

Ang ibig sabihin dito na pangkat na magkakaiba: ay ang bawat pangkat ay may kanya-kanyang sinusunod, katulad din ng nangyayari sa tao, kaya ang hindi sumasampalataya sa kanila ay papasok ng Impiyerno. Ito'y pinagka-isahan ng mga muslim, at ang sumasampalataya sa kanila ay papasok ng Paraiso, katulad din ng tao.

Ang Allah ay nagsabi: ﴿وَلِمَنْ خَافَ مَقَامَ رَبِّهِ جَنَّتَانِ، فَبِأَيِّ آلَاءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ﴾

{At ang sinumang may takot sa pakikipagharap sa kanyang Panginoon ay magkakaroon siya ng dalawang Hardin. Kaya't alin pa sa mga ibinibigay ng inyong Panginoon ang inyong pinabubulaanan}. Ar-Rahman (55): 46-47

Ang paniniil ay ipinagbabawal sa pagitan nila (jinn), gayundin sa pagitan ng mga tao.

Ang Allah ay nagsabi sa Hadih Qudsi:

﴿يَا عِبَادِيْ إِنِّيْ حَرَّمْتُ الظُّلْمَ عَلَى نَفْسِيْ، وَجَعَلْتُهُ بَيْنَكُمْ مُحَرَّماً فَلَا تَظَالَمُوْا﴾

{O Aking mga alipin! Katotohanan, Aking ipinagbabawal sa Aking sarili ang paniniil , at Aking ginawang ipinagbabawal din ito sa pagitan ninyo. Kaya't huwag kayong maniil sa isa't isa}. Isinalaysay ni Muslim

Gayunpaman, minsan ay kanilang inaabuso ang tao, tulad din minsan ng pag-aabuso ng tao sa kanila, ang ilang uri ng pag-aabuso ng tao sa kanila ay ang gawing panlinis ang buto ng hayop o ang dumi nito.

Ayon sa Sahih Muslim, naiulat ni ibn Mas`uod (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah): "Nang ang mga Jinn ay humingi sa Propeta (ﷺ) ng pagkain. Ang sinabi ng Propeta (ﷺ): [Sasainyo ang bawat buto na nabanggit dito ang ngalan ng Allah, na sa mga sandaling mapapasakamay na ninyo ito, ang laman nito ay manunumbalik sa dati, gayundin naman na ang bawat dumi ng mga hayop ninyo ay pagkain ng mga hayop nila]".

At sinabi pa niya (ﷺ): [Huwag ninyong gawing panlinis ang buto ng hayop o ang dumi nito, sapagka’t pagkain ito ng mga kapatid ninyong (mga jinn)].

**Ang ilang uri ng pang-aabuso ng Jinn sa tao.**

1. Kanilang sinasakop ang tao sa pamamagitan ng pag-uudyok at panggugulo ng kanilang kalooban.
2. Kanilang tinatakot ang tao nang sa gayo'y mananatili sa kanilang puso ang takot, lalung-lalo na kung ang tao ay nakikipag-ugnayan sa kanila.

Sinabi ng Allah: ﴿وَأَنَّهُ كَانَ رِجَالٌ مِنَ الْإِنْسِ يَعُوْذُوْنَ بِرِجَالٍ مِنَ الْجِنِّ فَزَادُوْهُمْ رَهَقًا﴾

{At katotohanang may mga lalaking tao na nagpapakupkop sa mga lalaking Jinn, kaya't mas lalo silang naililigaw ng mga ito}. Al-Jinn (72): 06

Ang Jinn ay nakikipagbuno sa tao, at kung minsan ay nagagapi nito ang tao.

**Ang pakikipagbuno ay may dalawang uri:**

1. Ang pakikipagbuno sa Jinn.
2. Ang pakikipagbuno sa karamdaman ng katawan.

# 3- ANG PANINIWALA SA MGA KASULATAN

Ito ay ang pagpapatotoo na ang Allah ay may mga kasulatan na ibinaba sa Kanyang mga propeta at sugo, at ang paniniwala na ang Qur'an ay pinawalang saysay ang mga naunang kasulatan, at na ang Allah ay nagtakda rito ng partikular na katangian na wala sa mga naunang kasulatan, at tunay na ang Allah ang Siyang nagturan nito nang buong katotohanan sa titik at tinig nito. Ang tinutukoy na mga kasulatan ay ang mga Aklat na ipinahayag ng Allah sa Kanyang mga sugo para sa kapakanan ng nilalang, at patnubay upang matamo nila ang kaligayahan dito sa mundo at sa kabilang buhay.

## Ang Paniniwala sa Mga Kasulatan ay Binubuo ng Apat na Sangkap.

1- Ang paniniwala na ang pagkapahayag ng mga kasulatan ay totoong nagbuhat sa Allah.
2- Ang paniniwala sa mga pangalang ating nalaman sa mga ito, ang ilan sa mga ito ay ang Qur'an na ipinahayag kay Muhammad (ﷺ), at ang Tawrah na ipinahayag kay Musa, at ang Injeel na ipinahayag kay `Isa, at ang Zabur na ipinahayag kay Daud (Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa kanilang lahat), at tungkol naman sa mga hindi natin alam ang mga pangalan sa mga ito, dapat din nating paniwalaan ang mga ito sa pangkalahatang pananaw.
3- Ang pagpapatotoo sa mga wastong pahina nito, katulad ng mga pahina ng Qur'an, at ang mga nilalaman nito ay hindi pinapalitan o binabaliwala ang mga nilalaman ng mga naunang kasulatan.
4- Ang isakatuparan ang mga batas nito na hindi binigyan ng kawalang kabuluhan, kagiliwan ito at sumunod sa mga itinatagubilin nito, maging alam natin ang magiging kinahihinatnan nito o hindi natin alam. Samakatuwid ang lahat ng mga naunang kasulatan ay pinawalan na ng bisa ng banal na Qur'an.

Ang Allah ay nagsabi: ﴿وَأَنْزَلْنَا إِلَيْكَ الْكِتَابَ بِالْحَقِّ مُصَدِّقًا لِّمَا بَيْنَ يَدَيْهِ مِنَ الْكِتَابِ وَمُهَيْمِنًا عَلَيْهِ﴾

{At Aming ibinaba sa iyo ang Aklat (Qur'an) bilang patotoo sa nauna sa kanya na kasulatan at tagasaksi nito}. Al-Ma`idah (5): 48

At dahil dito, hindi maaaring isakatuparan ang anumang batas sa mga batas ng mga naunang kasulatan maliban na lamang kung ito'y sumasang-ayon sa banal na Qur'an.

## Ang Paniniwala sa Mga Kasulatan ay nagdudulot ng Magagandang Aral:

**Ang ilan sa mga ito ay ang sumusunod:**

1. Ang kaalaman na ang Allah ay lagi nang nag-uukol ng pagkalinga sa kanyang mga lingkod, dahil sa bawat pamayanan ay nagpahayag Siya ng isang aklat para sa kanilang kapatnubayan.
2. Ang kaalaman na ang Allah ay may banal na layunin sa itinakda Niyang batas, dahil sa bawat pamayanan, Siya ay nagtakda ng batas na sumasang-ayon sa kanilang mga kalagayan.

Tulad ng sinabi ng Allah: ﴿لِكُلٍّ جَعَلْنَا مِنْكُمْ شِرْعَةً وَمِنْهَاجاً﴾

{Sa bawat pamayanan sa inyo ay nagtakda Kami ng batas at kaparaanan}. Al-Ma`idah (5):48

3.Ang pagpapasalamat sa mga biyayang bigay ng Allah.

# 4- ANG PANINIWALA SA MGA PROPETA AT SUGO

Ito ay ang pagpapatotoo na ang Allah ay nagpadala sa bawat pamayanan ng isang sugo upang anyayahan sila sa pagsamba sa Allah (lamang) ng walang pagtatambal, at itakwil ang mga sinasambang bukod sa Kanya. Sa katotohanan, silang lahat ay matatapat at may takot sa Allah, at mapapagkatiwalaan, at ang bawat isa sa kanila ay tunay na ginampanan ang kani-kanilang tungkulin, at naiparating sa kani-kanilang pamayanan, at kanilang pinatatag ang palatandaan at katibayan ng Allah sa sangkatauhan.
**Ang pinatutukuyan dito na sugo** ay ang taong ipinapasa sa kanya ang kapahayagan at ipinag-utos sa kanya na iparating ito sa sangkatauhan. Ang unang sugo ay si Nuh, at ang huli ay si Muhammad (ﷺ).

Sinabi ng Allah: ﴿إِنَّا أَوْحَيْنَا إِلَيْكَ كَمَآ أَوْحَيْنَآ إِلَى نُوْحٍ وَالنَّبِيِّيْنَ مِنْ بَعْدِهِ﴾

{Katotohanang Aming ipinahayag sa iyo ang katulad ng ipinahayag Namin kay Nuh, at sa mga propetang sumunod sa kanya}. An-Nisa'(4): 163

**Ayon sa Sahih Al-Bukhari:** si Anas ibn Malik (Nawa'y kalugdan siya ng Allah) ay nag-ulat patungkol sa Hadith tumutukoy sa pamamagitan. Binanggit ng Propeta (ﷺ) na ang mga tao sa araw ng paghuhukom ay pupunta kay Adam para mamagitan sa kanila, ngunit siya ay hihingi ng paumanhin sa kanila, at magsasabi: Pumunta kayo kay Nuh, ang unang Sugo na ipinadala ng Allah…".

Ang Allah ay nagpahayag tungkol kay Muhammad (ﷺ):

﴿مَا كَانَ مُحَمَّدٌ أَبَا أَحَدٍ مِنْ رِجَالِكُمْ وَلَكِنْ رَسُوْلَ اللهِ وَخَاتَمَ النَّبِيِّيْنَ﴾

{Si Muhammad ay hindi naging magulang ng isa sa inyo, bagkus siya ay isang Sugo ng Allah at ang pinakahuling Propeta}. Al-Ahzab (33): 40

Walang pamayanan na hindi pinadalhan ng Allah ng isang sugo na may partikular na batas para sa mga mamamayan nito, o isang propeta na ipinapasa sa kanya – sa pamamagitan ng kapahayagan – ang batas ng nauna sa kanya upang ito'y kanyang ipagpapatuloy at papanatilihin.

Ang Allah ay nagsabi: ﴿وَلَقَدْ بَعَثْنَا فِيْ كُلِّ أُمَّةٍ رَسُوْلاً أَنِ اعْبُدُوْا اللهَ وَاجْتَنِبُوْا الطَّاغُوْتَ﴾

{At tunay na Kami ay nagpadala ng isang Sugo sa bawat pamayanan (na nagsasabi): Sambahin ang Allah, at iwaksi ang Taghut (lahat ng bulaang diyus- diyosan)}. An-Nahl (16): 36

Sinabi pa ng Allah: ﴿وَإِنْ مِنْ أُمَّةٍ إِلَّا خَلاَ فِيْهَا نَذِيْرٌ﴾

{At walang pamayanan maliban na may dumating dito na isang tagababala}. Fatir (35): 24

At sinabi pa Niya: ﴿إِنَّا أَنْزَلْنَا التَّوْرَاةَ فِيْهَا هُدًى وَنُوْرٌ يَحْكُمُ بِهَا النَّبِيُّوْنَ الَّذِيْنَ أَسْلَمُوْا لِلَّذِيْنَ هَادُوْا﴾

{Katotohanang Aming ibinaba ang Tawrah na naglalaman ng patnubay at liwanag, sa pamamagitan nito ang mga Propetang nagpasailalim at sumuko (sa kagustuhan ng Allah) ay nagtatakda ng hatol para sa mga Hudyo}. Al-Ma`idah (5): 44

Ang mga Sugo ay mga taong nilikha lamang, sila'y hindi nagtataglay ng anumang katangian bilang tagapamahala o panginoon, kahit bahagya.

Ang Allah ay nagsabi tungkol sa Kanyang Propeta (Muhammad ﷺ), na siyang pangulo ng mga sugo at propeta, ang may dakilang antas sa Allah:

﴿قُلْ لَا أَمْلِكُ لِنَفْسِيْ نَفْعاً وَلَا ضَرّاً إِلَّا مَا شَاءَ اللَّهُ وَلَوْ كُنْتُ أَعْلَمُ الْغَيْبَ لَاسْتَكْثَرْتُ مِنَ الْخَيْرِ وَمَا مَسَّنِيَ السُّوْءُ إِنْ أَنَاْ إِلَّا نَذِيْرٌ وَبَشِيْرٌ لِقَوْمٍ يُؤْمِنُوْنَ﴾

{Sabihin mo (O Muhammad)!: Hindi ko angkin ang aking sarili sa kabutihang maaari kong matamo, at sa kapahamakang maaaring daratal sa akin, maliban kung ito'y naisin ng Allah, at kung alam ko lang ang bagay na lingid, sana'y pararamihin ko ang kabutihang matatamo ko, at hindi daratal sa akin ang masama, at wala akong (taglay na kapangyarihan) maliban sa pagiging tagababala at tagapagbigay ng magagandang balita sa mga taong sumasampalataya}. Al-A`raf (7):188

At sinabi pa ng Allah: ﴿قُلْ إِنِّي لاَ أَمْلِكُ لَكُمْ ضَرّاً وَلاَ رَشَداً، قُلْ إِنِّي لَن يُجِيرَنِي مِنَ اللهِ أَحَدٌ وَلَنْ أَجِدَ مِن دُونِهِ مُلْتَحَداً﴾

{Sabihin mo (O Muhammad)!: Hindi ko angkin ang masama para (hindi daratal) sa inyo, at ang mabuti (para mapasa inyo). Sabihin mo! Katotohanan, ako'y walang karapatang humadlang o pumigil kahit kanino sa (parusang itinakda ng) Allah. At kailan man, wala akong sisilungan bukod sa Kanya}. Al-Jinn (72): 21-23

Bagkus, sila'y may angking katangian ng tao, dumaratal at dumarating sa kanila ang sakit, kamatayan, at ang pangangailangan sa pagkain at pag-inom atbp.

Ang Allah ay nagsabi tungkol kay Ibrahim nang kanyang ilarawan ang kanyang Panginoon: ﴿وَالّذِي هُوَ يُطْعِمُنِي وَيَسْقِينِ، وَإِذَا مَرِضْتُ فَهُوَ يَشْفِينِ، وَالّذِي يُمِيتُنِي ثُمّ يُحْيِينِ﴾

{At Siya ang nagpapakain sa akin at nagpapainom, at kapag ako'y nagkasakit Siya ang nagpapagaling sa akin, at Siya ang bumabawi ng aking buhay, pagkatapos ay muling bigyan ng buhay}. Ash-Shu`ara’ (26): 79-81

At sinabi pa ng Allah, nang magsabi ang Propeta Muhammad (ﷺ):

(إِنَّمَا أَنَا بَشَرٌ مِثْلُكُمْ أَنْسَى كَمَا تَنْسَوْنَ فَإِذَا نَسِيْتُ فَذَكِّرُوْنِيْ)

[Tanging ako'y isang taong katulad ninyo, nakakalimot gaya ng inyong pagkalimot, kaya kapag ako'y nakalimot, inyo akong paalalahanan].

**Sa katunayan, inilarawan ng Allah na sila'y tanging tagapaglingkod lamang sa Kanya, sa kabila ng kanilang matataas na antas, ito ang pahiwatig ng pagpupuri Niya sa kanila.**

Ang Allah ay nagsabi tungkol kay Nuh: ﴿إِنَّهُ كَانَ عَبْداً شَكُوْراً﴾

{Katotohanang siya ay isang lingkod na mapagpasalamat}. Al-Isra' (17): 3

At nagsabi pa ang Allah tungkol sa Propeta (Muhammad ﷺ):

﴿تَبَارَكَ الَّذِيْ نَزَّلَ الْفُرْقَانَ عَلَى عَبْدِهِ لِيَكُوْنَ لِلْعَالَمِيْنَ نَذِيْراً﴾

{Kaluwalhatian sa (Allah) na Siyang nagpababa ng Al-Furqan (Qu'ran) sa Kanyang alipin (Muhammad ﷺ) upang maging isang tagababala sa lahat ng sangkatauhan}. Al-Furqan (25): 1

At Siya ay nagsabi pa tungkol kay Ibrahim, Ishaq, at Ya`qub:

﴿وَاذْكُرْ عِبَادَنَا إِبْرَاهِيْمَ وَإِسْحَاقَ وَيَعْقُوْبَ أُوْلِي الْأَيْدِيْ وَالْأَبْصَارِ، إِنَّا أَخْلَصْنَاهُمْ بِخَالِصَةٍ ذِكْرَى الدَّارِ، وَإِنَّهُمْ عِنْدَنَا لَمِنَ الْمُصْطَفَيْنَ الْأَخْيَارِ﴾

{At tandaan ang Aming mga alipin, na si Ibrahim, Ishaq, at Ya`qub na may mga malakas at matatag (na pananampalataya), at may mga tamang kaalaman (sa relihiyon). Katotohanang Aming ginawang banal at dalisay sila, upang tunay nilang magunita ang Tahanan (sa kabilang buhay), at silang lahat sa Amin ay kabilang sa mga nangapili at pinakamabuti}. Sad (38): 45-47

At Siya ay nagsabi pa tungkol kay `Isa na anak ni Maryam:

﴿إِنْ هُوَ إِلَّا عَبْدٌ أَنْعَمْنَا عَلَيْهِ وَجَعَلْنَاهُ مَثَلاً لِّبَنِيْ إِسْرَائِيْلَ﴾

{Siya (si Hesus) ay tanging isang lingkod lamang na binigyan Namin ng karangalan (sa kanyang pagka-propeta), at ginawa Namin siyang isang halimbawa para sa angkan ng Israel}. Az-Zukhruf (43): 59

## Ang Paniniwala sa mga Propeta at Sugo ay Binubuo ng Apat na Sangkap:

1- Ang paniniwala na ang kanilang mga mensahe ay totoong nagmula sa Allah, at ang sinumang tanggihan ang mensahe ng isa sa kanila ay kanyang tinanggihan silang lahat.

Gaya ng sinabi ng Allah: ﴿كَذَّبَتْ قَوْمُ نُوْحٍ الْمُرْسَلِيْنَ﴾

{Pinabulaanan ng mga mamamayan ni Nuh ang lahat ng Sugo}. Ash-Shu`ara' (26): 105

Maliwanag na pinatunayan ng Allah at Kanyang binansagan silang mga taong mapagbulaan sa lahat ng sugo, samantalang walang ibang sugo maliban sa kanya (Nuh) nang kanilang pabulaanan ito. At dahil dito ang mga Kristiyanong pinabulaanan si Muhammad (ﷺ) at hindi sumunod sa kanya, sa katotohanan kanila ring pinabulaanan ang Mesias na anak ni Maryam, at hindi rin nila ito sinunod. At higit pa roon, dahil kanyang ibinalita sa kanila ang tungkol kay Muhammad (ﷺ), at walang kahulugan ang

pagbigay niya ng magandang balita sa kanila kundi upang kanyang patunayan lamang na siya (ﷺ) ay tunay ngang sugo na ipinadala sa kanila, upang sa pamamagitan niya (ﷺ), sila'y mailigtas mula sa pagkaligaw at mapatnubayan tungo sa matuwid na landas.
2- Ang paniniwala sa pangalan ng sinumang nalaman natin sa kanila. Katulad halimbawa nina: Muhammad, Ibrahim, Musa, `Isa, Nuh, silang lima ang may matatag na pagpapasiya at tanyag sa mga sugo,

Sa katunayan, sila ay nabanggit ng Allah sa dalawang Surah (kabanata) ng Qur'an.
Sa Surah Al-Ahzab, sinabi Niya:

﴿وَإِذْ أَخَذْنَا مِنَ النَّبِيِّيْنَ مِيْثَاقَهُمْ وَمِنْكَ وَمِنْ نُوْحٍ وَإِبْرَاهِيْمَ وَمُوْسَى وَعِيْسَى ابْنِ مَرْيَمَ﴾

{At tandaan nang Aming tanggapin at tangnan mula sa mga Propeta ang kanilang (pagsang-ayon sa) kasunduan, magmula sa iyo (O Muhammad ﷺ), kay Nuh, Ibrahim, Musa, at `Isa na anak ni Maryam}. Al-Ahzab (33): 7

At sa Surah Ash-Shura, Kanyang sinabi naman:

﴿شَرَعَ لَكُمْ مِنَ الدِّيْنِ مَا وَصَّى بِهِ نُوْحاً، وَالَّذِيْ أَوْحَيْنَا إِلَيْكَ وَمَا وَصَّيْنَا بِهِ إِبْرَاهِيْمَ وَمُوْسَى وَعِيْسَى، أَنْ أَقِيْمُوْا الدِّيْنَ وَلَا تَتَفَرَّقُوْا فِيْهِ﴾

{Siya (Allah) ay nagtakda ng kautusan sa relihiyong (Islam) para sa inyo ng tulad ng Kanyang itinagubilin kay Nuh, na siyang ipinahayag Namin sa iyo (O Muhammad ﷺ), at itinagubilin Namin kay Ibrahim, Musa at `Isa, na inyong itatag ang relihiyong (Islam) at huwag kayong maghiwa-hiwalay (o magkasalungatan) sa mga nilalaman nito}. Ash-Shura (42): 13

At tungkol naman sa mga pangalan nila na hindi natin nalaman, atin ding paniwalaan ito sa pangkalahatang pananaw.

Sinabi ng Allah: ﴿وَلَقَدْ أَرْسَلْنَا رُسُلاً مِنْ قَبْلِكَ مِنْهُمْ مَنْ قَصَصْنَا عَلَيْكَ وَمِنْهُمْ مَنْ لَمْ نَقْصُصْ عَلَيْكَ﴾

{At tunay na Kami ay nagpadala ng mga Sugo na nauna sa iyo (O Muhammad ﷺ), ang ilan sa kanila ay Aming ikinuwento sa iyo, at ang iba'y hindi Namin naikuwento sa iyo}. Gafir (40): 78

3- Ang pagpapatotoo sa mga wastong balita tungkol sa kanila.
4- Ang pagsasakatuparan sa batas ng sinumang sugo na ipinadala sa atin, at siya ay si Muhammad (ﷺ), ang huling sugo na ipinadala sa sangkatauhan.

Sinabi ng Allah:

﴿فَلَا وَرَبِّكَ لَا يُؤْمِنُوْنَ حَتَّى يُحَكِّمُوْكَ فِيْمَا شَجَرَ بَيْنَهُمْ ثُمَّ لَا يَجِدُوْا فِيْ أَنْفُسِهِمْ حَرَجاً مِمَّا قَضَيْتَ وَيُسَلِّمُوْا تَسْلِيْماً﴾

{Datapuwat, hindi! Sumpa man sa iyong Panginoon, hindi magiging ganap ang kanilang pananampalataya, hangga't hindi nila pinairal ang kapasiyahan mo sa lahat ng kanilang pinagtatalunan, at pagkatapos ay hindi magkakaroon ng sama ng loob ang bawa't isa sa kanila sa iyong magiging kapasiyahan, at silang lahat ay magpapasailalim nito ng walang pag-aalinlangan}. An-Nisa (4):65

## Ang Paniniwala sa Mga Propeta at Sugo ay nagdudulot ng magagandang Aral:

**Ang ilan sa mga ito ay ang sumusunod:**

1- Ang pagkaalam sa habag ng Allah at sa pamamahala Niya sa Kanyang mga lingkod, sa katunayan Kanyang ipinadala sa kanila ang mga sugo upang maipatnubay sa kanila ang landas ng Allah, at maipaliwanag sa kanila kung paano sambahin ang Allah, sa dahilang walang angking kakayahan ang isipan ng tao upang tuklasin ito.

2- Ang pagpapasalamat sa Kanya (Allah) sa dakilang biyayang ito.

3- Ang pagmamahal sa mga sugo (Nawa'y mapasakanila ang pagpapala at kapayapaan), pagdakila at pagpupuri sa anumang nararapat para sa kanila, dahil sila ay mga sugo ng Allah, nagsakripisyo sa pagsamba sa Kanya, sila'y tagapaghatid ng Kanyang mensahe at mangangaral sa Kanyang mga lingkod. Katotohanang ang mga taong tumatanggi sa katotohanan ay kanilang pinabulaanan ang lahat ng mga sugo, at kanilang inaangkin na ang mga sugo ng Allah ay hindi maaaring maging tao, kaya binanggit ng Allah na ang paratang na iyan ay walang katotohanan.

Sinabi ng Allah:

﴿وَمَا مَنَعَ النَّاسَ أَنْ يُؤْمِنُوْا إِذْ جَآءَهُمُ الْهُدَى إِلَّا أَنْ قَالُواْ أَبَعَثَ اللَّهُ بَشَراً رَسُوْلاً، قُلْ لَوْ كَانَ فِيْ الْأَرْضِ مَلَآئِكَةٌ يَمْشُوْنَ مُطْمَئِنِّيْنَ لَنَزَّلْنَا عَلَيْهِمْ مِنَ السَّمَآءِ مَلَكاً رَسُوْلاً﴾

{At walang humadlang sa sangkatauhan upang sila ay sumampalataya nang dumating sa kanila ang Patnubay maliban sa pagsabi nila: Bakit magpapadala ang Allah ng isang sugo na tao?. Sabihin mo (O Muhammad): Kung lang maaaring magkaroon sa kalupaan ng mga anghel na mapayapang naglalakad. Tunay na Aming ibababa sa kanila mula sa langit ang isang anghel na sugo}. Al-Isra' (17): 94

Kung kaya't binaliwala ng Allah ang paratang na ito, dahil sa katotohanan, dapat nga lang na ang maging sugo ay tao, sa dahilang siya ay ipapadala sa lupa na ang mga naninirahan dito ay mga tao. Kung mga anghel nga lang ang mga naninirahan sa lupa, di sana'y ibinaba na ng Allah sa kanila mula sa langit ang isang anghel na sugo na katulad din nila.

Ganito nagsalaysay ang Allah tungkol sa mga taong pinabulaanan ang mga sugo, subalit ang kanilang sinasabi ay tulad lamang ng pagkapahayag ng Allah:

﴿إِنْ أَنْتُمْ إِلَّا بَشَرٌ مِثْلُنَا تُرِيْدُوْنَ أَنْ تَصُدُّوْنَا عَمَّا كَانَ يَعْبُدُ آبَآؤُنَا فَأْتُوْنَا بِسُلْطَانٍ مُبِيْنٍ، قَالَتْ لَهُمْ رُسُلُهُمْ إِنْ نَحْنُ إِلَّا بَشَرٌ مِثْلُكُمْ وَلَكِنَّ اللَّهَ يَمُنُّ عَلَى مَنْ يَشَآءُ مِنْ عِبَادِهِ وَمَا كَانَ لَنَآ أَنْ نَأْتِيَكُمْ بِسُلْطَانٍ إِلَّا بِإِذْنِ اللَّهِ﴾

{Wala kayo kundi taong katulad din namin, tanging ang hangad ninyo ay upang hadlangan kami sa mga sinasamba ng aming mga ninuno, kung gayo'y magdala kayo sa amin ng isang mahayag na katibayan. Ang kanilang mga sugo ay nagsabi sa kanila: Wala nga kami kundi taong katulad ninyo, subalit ang Allah ay nagbibigay ng karangalan sa sinumang Kanyang naisin mula sa Kanyang mga alipin, at kami ay hindi makapagdadala ng anumang katibayan maliban sa kapahintulutan ng Allah}. Ibrahim (14): 10-11

# 5- ANG PANINIWALA SA HULING ARAW

Ang paniniwala sa Huling-Araw ay ang pagpapatotoo nang walang pag-aalinlangan sa lahat ng naipabatid ng Allah sa Kanyang Aklat (Qur'an) at ng Sugo (Muhammad ﷺ) sa kanyang Sunnah tungkol sa mga bagay na magaganap pagkatapos ng kamatayan, tulad halimbawa ng mga kaparusahang gaganapin sa loob ng libingan, ang pagdurusa at kaginhawahan sa loob nito, ang pagkabuhay muli, ang pagtitipon, ang talaan ng mga gawain, ang pagsisiyasat, ang timbangan, ang lawa, ang daan, ang pamamagitan, ang Paraiso, ang Impiyerno at ang lahat ng inilaan ng Allah sa bawa't isa, at sa mga palatandaan na kapag nalalapit na ang Araw ng paghuhukom, mga maliliit na palatandaan at malalaki.
Ang pinapakahulugan sa Huling-Araw ay ang araw ng pagkabuhay muli, babangon ang lahat ng tao sa araw na yaon mula sa kani-kanilang libingan upang gaganapin ang pagsisiyasat at paggawad ng gantimpala.

Binansagan sa katawagang ito (Huling-Araw), sa dahilang walang araw na susunod pagkatapos nito. Sa Araw na ito, ang mga taong maninirahan sa Paraiso ay mananatili roon sa kanilang mga tahanan at gayon din naman ang mga maninirahan sa Impiyerno, sila ay mananatili roon sa kanilang mga tahanan.

## Ang Paniniwala sa Huling Araw ay binubuo ng Tatlong Sangkap:

**1- Ang paniniwala sa Al-Ba`th.**
At ito ay ang pagkabuhay muli ng mga patay sa sandaling hinipan ang tambuli sa ikalawang pag-ihip at magsisibangon ang mga tao mula sa kani-kanilang libingan na nakayapak, hubad at di-tuli upang humarap sa Panginoon ng lahat ng nilalang.
Sinabi ng Allah: ﴿كَمَا بَدَأْنَا أَوَّلَ خَلْقٍ نُعِيْدُهُ وَعْداً عَلَيْنَا إِنَّا كُنَّا فَاعِلِيْنَ﴾

{Katulad ng unang paglikha Namin, Aming ibabalik ito. At iyan ay pangako mula sa Amin, tunay na Aming gagawin}. Al-Anbiya' (21): 104

Ang pagkabuhay muli at paglabas mula sa libingan sa kabilang buhay ay tunay na magaganap, at walang pag-aalinlangan. Ito'y pinapapatunayan ng Qur'an at ng Sunnah, at pinagkaisahan ng mga Muslim.
Ang Allah ay nagsabi: ﴿ثُمَّ إِنَّكُمْ بَعْدَ ذَلِكَ لَمَيِّتُوْنَ، ثُمَّ إِنَّكُمْ يَوْمَ الْقِيَامَةِ تُبْعَثُوْنَ﴾

{Pagkatapos ng iyon, tunay na kayo ay mamamatay, at pagkatapos kayo ay babangon sa Araw ng pagbabangong muli}. Al-Mu'minun (23): 15-16

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi rin: [Iipunin ang mga tao sa kabilang buhay na nakayapak, nakahubad, at di tuli]. Isinalaysay ni Al-Bukhari at Muslim.

Gayundin naman na ang mga Muslim ay nagkakaisa sa pagpapatotoo sa lahat ng ito, na siyang tanging layunin sa paglikha, kung saan karapat-dapat lamang na ang Allah ay

magtakda ng hantungan para sa mga nilalang, na sila'y Kanyang gantimpalaan dito sa mga ipinag-utos Niya sa kanila sa pamamagitan ng pagpapahayag ng Kanyang mga Sugo.

Ang Allah ay nagsabi: ﴿أَفَحَسِبْتُمْ أَنَّمَا خَلَقْنَاكُمْ عَبَثاً وَأَنَّكُمْ إِلَيْنَا لَا تُرْجَعُوْنَ﴾

{Inaakala ba ninyong nilikha lamang Namin kayo bilang paglalaro (ng walang dahilan), at kayo'y hindi na ibabalik saAmin?}. Al-Mu'minun (23): 115

At sinabi pa Niya sa Kanyang Propeta (Muhammad ﷺ):﴿إِنَّ الَّذِيْ فَرَضَ عَلَيْكَ الْقُرْآنَ لَرَآدُّكَ إِلَى مَعَادٍ﴾

{Katotohanan, ang nagbaba sa iyo (O Muhammad ﷺ) ng Qur'an, ang Siyang tunay na magbabalik sa iyo sa lugar na babalikan (pagkatapos ng iyong kamatayan)}. Al-Qasas (28): 85

**2- Ang pagtutuos at paggawad ng gantimpala.**

Sisiyasatin ang isang lingkod sa kanyang gawain at hahatulan (batay sa uri ng kanyang gawain), at ito ay pinatutunayan ng Qur'an, ng Sunnah at pinagkaisahan ng mga Muslim.

Ang Allah ay nagsabi: ﴿إِنَّ إِلَيْنَا إِيَابَهُمْ، ثُمَّ إِنَّ عَلَيْنَا حِسَابَهُمْ﴾

{Katotohanan, sa Amin ang kanilang babalikan; at pagkatapos niyaon katotohanang sa Amin ang kanilang pagtutuos}. Al-Ghashiyah (88): 25-26

At sinabi pa Niya: ﴿مَنْ جَآءَ بِالْحَسَنَةِ فَلَهُ عَشْرُ أَمْثَالِهَا وَمَنْ جَآءَ بِالسَّيِّئَةِ فَلاَ يُجْزَى إِلَّا مِثْلَهَا وَهُمْ لَا يُظْلَمُوْنَ﴾

{Ang sinumang makapagdala ng isang kabutihan, siya ay magtatamo ng sampung gantimpalang katumbas nito, at sino naman ang makapagdala ng isang masama, siya ay hindi gagantimpalaan maliban sa katulad nito. At sila ay hindi dadayain}. Al-An`am (6): 160

At sinabi pa Niya:

﴿وَنَضَعُ الْمَوَازِيْنَ الْقِسْطَ لِيَوْمِ الْقِيَامَةِ فَلَا تُظْلَمُ نَفْسٌ شَيْئاً وَإِنْ كَانَ مِثْقَالَ حَبَّةٍ مِنْ خَرْدَلٍ أَتَيْنَا بِهَا وَكَفَى بِنَا حَاسِبِيْنَ﴾

{At Aming ilalagay ang mga timbangang makatarungan sa Araw ng pagbabangong muli, at pagkatapos, hindi dadayain ang isang may buhay kahit bahagya. At kahit pa ito'y kasing liit ng isang butil ng khardala (butil ng mustard), Aming dadalhin ito. At sapat na Kami ang magtatakda ng pagtutuos}. Al-Anbiya' (21): 47

Ulat mula kay ibn Umar (Nawa'y kapwa silang kalugdan ng Allah); "Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: [Katotohanan, papalapitin ng Allah sa Kanya (sa kabilang buhay) ang isang mananampalataya at pagkatapos ay Kanyang ilalaglag dito ang Kanyang pantabing, kaya't matatabingan siya, at pagkatapos, Siya ay magsasabi: {Alam mo ba ang ganitong kasalanan! Alam mo ba ang ganitong kasalanan?.} Siya ay sasagot: Opo aking Panginoon. Hanggang sa kapag Siya ay magtatakda na ng kapasiyahan dahil sa mga kasalanan nito, at Kanyang makikita na ito'y tunay na mapapahamak. Kanyang sasabihin: {Tunay na Aking tinakpan para sa iyo ang mga (kasalanang) ito sa mundo,

kaya ngayon Aking ipagpapatawad ang mga ito para sa iyo, at ibibigay sa kanya ang aklat ng kanyang mga kabutihan. Samantalang ang mga di-sumasampalataya at mga Munafiq (mapagkunwari), sila ay tatawagin sa taluktok ng mga nilalang ng ganito: ﴿هَـؤُلآءِ الَّذِيْنَ كَذَبُوْا عَلَى رَبِّهِمْ أَلاَ لَعْنَةُ اللهِ عَلَى الظَّالِمِيْنَ﴾ {Sila yaong mga taong nagpabula sa kanilang Panginoon! Walang pag-aalinlangan! Ang sumpa ng Allah ay mapasa mga Zalimun (nagtatambal sa Allah, makasalanan, suwail)}. Hud (11): 18. Isinalaysay ni Al-Bukhari at Muslim

Napatunayan din mula sa Propeta (ﷺ) na ang sinumang maghangad ng isang kabutihan at kanyang ginawa ito, itatala ng Allah sa Kanya ng sampung kabutihang bilang katumbas nito, hanggang sa aabot ito ng pitong daan at higit pa roon. Samantalang ang sinumang maghangad ng masama at kanyang ginawa ito, itatala ng Allah ito ng isang masama lamang.

Sa katunayan, nagkaisa ang mga Muslim sa pagpapatotoo hinggil sa pagtutuos at paggawad ng gantimpala sa mga gawain, sapagkat ito ang banal na layunin sa paglikha. Kung kaya't ang Allah ay nagpadala ng mga kasulatan at nagtalaga ng mga sugo, at Kanyang inubliga ang mga lingkod na tanggapin ang mga naiparating nila at gampanan ang mga naitakdang tungkulin dito, at Kanyang ipinag-utos na puksain ang mga tagasalungat nito, at ipinahintulot ang pagdanak ng dugo ng mga ito, at angkinin ang kanilang pamilya, kababaihan at ari-arian. Kaya kung walang pagtutuos at walang paggawad ng gantimpala, ano pa ang kahalagahan ng lahat ng ito, ito'y hindi nararapat para sa Nag-iisang Panginoon na ganap kung lumikha.

Ito ang siyang ipinahihiwatig ng Allah sa Kanyang sinabi:

﴿فَلَنَسْأَلَنَّ الَّذِيْنَ أُرْسِلَ إِلَيْهِمْ وَلَنَسْأَلَنَّ الْمُرْسَلِيْنَ، فَلَنَقُصَّنَّ عَلَيْهِم بِعِلْمٍ وَمَا كُنَّا غَآئِبِيْنَ﴾

{At pagkatapos, katiyakang Aming tatanungin silang (mga kalipunan) na pinadalhan Namin (ng Aklat), at katiyakang Aming tatanungin ang mga sugo. At tunay na Aming isasalaysay sa kanila (ang lahat ng kanilang ginawa) na may ganap na kaalaman, at tunay na Kami ay hindi lumiliban}. Al-A`raf (7): 6 -7

**3- Ang paniniwala sa Paraiso at Impiyerno.**

Ang dalawang ito ang magiging hantungan ng mga nilalang. Ang Paraiso ay tahanan ng kaginhawaan na siyang inilalaan ng Allah sa mga mananampalataya na may malaking takot sa Kanya, at sumasang-ayon sa mga ipinag-uutos sa kanila ng Allah na dapat nilang paniwalaan, at matatag na sumusunod sa Allah at sa Kanyang sugo, may katapatan sa Allah at sumusunod sa katuruan ng Kanyang sugo. Naririto ang lahat ng uri ng kaginhawaan, na hindi pa nakita ng mata, at hindi narinig ng tainga, ni hindi pa sumagi sa isipan o kalooban ng tao.

Sinabi ng Allah:

﴿إِنَّ الَّذِيْنَ آمَنُوْا وَعَمِلُوْا الصَّالِحَاتِ أُوْلَئِكَ هُمْ خَيْرُ الْبَرِيَّةِ، جَزَآؤُهُمْ عِنْدَ رَبِّهِمْ جَنَّاتُ عَدْنٍ تَجْرِيْ مِنْ تَحْتِهَا الْأَنْهَارُ خَالِدِيْنَ فِيهَا أَبَداً رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمْ وَرَضُوْا عَنْهُ ذَلِكَ لِمَنْ خَشِيَ رَبَّهُ﴾

{Katotohanan, yaong mga naniwala (sa kaisahan ng Allah, at sa Kanyang huling sugo na si Muhammad ﷺ) at gumawa ng mga kabutihan, sila ang pinakamabuti sa mga nilikha. Ang kanilang gantimpala mula sa kanilang Panginoon ay mga hardin na walang pagmamaliw, na sa ibaba nito ay mga ilog na umaagos, sila ay maninirahan doon magpakailanman, ang Allah ay lubos na nasisiyahan sa kanila at sila ay nasisiyahan din sa Kanya. Iyan ang (gantimpala) para sa mga may takot sa kanyang Panginoon}. Al-Bayyinah (98): 7-8

At sinabi pa ng Allah: ﴿فَلَا تَعْلَمُ نَفْسٌ مَا أُخْفِيَ لَهُم مِنْ قُرَّةِ أَعْيُنٍ جَزَآءً بِمَا كَانُوْا يَعْمَلُوْنَ﴾

{At walang may buhay na nakakaalam sa anumang inilihim sa kanila na nakakaaliw, bilang gantimpala ng kanilang mga ginawa}. As-Sajdah (32): 17

At tungkol naman sa Impiyerno, ito ang siya namang tahanan ng pagdurusa na inilaan ng Allah sa mga **Kafir** (di-sumasampalataya) na mapang-api, sila yaong mga tao na di-naniniwala sa kaisahan ng Allah at sumasalungat sa Kanyang Propeta. Naririto ang lahat ng uri ng pagdurusa, parusa at paghihirap na hindi pa sumagi sa isipan.

Ang Allah ay nagsabi: ﴿وَاتَّقُوا النَّارَ الَّتِي أُعِدَّتْ لِلْكَافِرِيْنَ﴾

{At matakot kayo sa Impiyerno na siyang inilaan sa mga hindi nananampalataya}. Al-`Imran (3): 131

At sinabi pa niya:
﴿إِنَّا أَعْتَدْنَا لِلظَّالِمِيْنَ نَاراً أَحَاطَ بِهِمْ سُرَادِقُهَا وَإِنْ يَسْتَغِيْثُوْا يُغَاثُوْا بِمَآءٍ كَالْمُهْلِ يَشْوِي الْوُجُوْهَ بِئْسَ الشَّرَابُ وَسَآءَتْ مُرْتَفَقاً﴾

{Katotohanang Aming inilaan para sa Zalimun (mga di-naniniwala sa kaisahan ng Allah, maksalanan, mapang-aapi) ang Impiyernong nakapalibot sa kanila ang pader nito, na kapag sila'y humihingi (ng makapagpapawi ng kanilang paghihirap o pagka-uhaw), sila'y bibigyan ng tubig na parang kumukulong mantika, na susunog sa kanilang mga mukha. Napakasamang inumin, at napakasamang hantungan}. Al-Kahf (18): 29

At sinabi pa ng Allah:
﴿إِنَّ اللَّهَ لَعَنَ الْكَافِرِيْنَ وَأَعَدَّ لَهُمْ سَعِيْراً، خَالِدِيْنَ فِيْهَا أَبَداً لَا يَجِدُوْنَ وَلِيًّا وَلَا نَصِيْراً، يَوْمَ تُقَلَّبُ وُجُوْهُهُمْ فِي النَّارِ يَقُوْلُوْنَ يَالَيْتَنَا أَطَعْنَا اللَّهَ وَأَطَعْنَا الرَّسُوْلاَ﴾

{Katotohanang ang Allah ay isinumpa ang mga hindi nananampalataya, at Kanyang inilaan sa kanila ang mainit at lumalagablab na Apoy (ng Impiyerno). Sila ay mananatili roon magpakailanman, at hindi sila makakatagpo doon ng Wali (makakapagtanggol sa kanila), ni makakatulong. Sa Araw na ang kanilang mga mukha ay paikot-ikutin sa Apoy, kanilang masasabi: Ah, sana'y naging masunurin kami at tumalima sa Allah at sa sugo (Muhammad ﷺ)}. Al-Ahzab (33): 64-66

## Ang Paniniwala sa Huling Araw ay Nagdudulot ng Magagandang Aral:

**Ang ilan sa mga ito ay ang sumusunod:**
1. Ang ibigin ang gawaing pagsunod at maging masigasig dito, dahil sa paghangad ng gantimpala sa Araw na yaon.
2. Ang katakutan ang gawaing pagsuway nang bukal sa kalooban, bilang pagkatakot sa parusang igagawad sa Araw na yaon.
3. Ang hindi paghihinayang ng isang mananampalataya sa mga hindi niya nakakamtan na makamundong bagay, dahil sa paghahangad sa mga biyaya at gantimpala sa kabilang buhay.

**Ngunit tinanggihan ng mga hindi naniniwala (sa kaisahan ng Allah) ang pagbabangong muli pagkatapos ng kamatayan, sa pag-aakalang ang bagay na ito ay hindi maaaring maganap. Ang ganitong pag-aakala ay walang kabuluhan, at mapapatunayan ang kawalan ng kabuluhan nito sa pamamagitan ng batas, pakiramdam at isipan.**

**Sa Batas,** sinabi ng Allah:

﴿زَعَمَ الَّذِيْنَ كَفَرُوْا أَنْ لَنْ يُبْعَثُوْا قُلْ بَلَى وَرَبِّيْ لَتُبْعَثُنَّ ثُمَّ لَتُنَبَّؤُنَّ بِمَا عَمِلْتُمْ وَذَلِكَ عَلَى اللهِ يَسِيْرٌ﴾

{Inaakala ng mga hindi naniniwala (sa kaisahan ng Allah) na sila'y hindi kailanman babangong muli (pagkatapos ng kamatayan). Sabihin (O Muhammad ﷺ): Oo! Sumpa sa aking Panginoon, tunay na kayo ay babangong muli (mula sa inyong mga libingan). At pagkatapos ay tunay na ilalahad sa inyo ang anumang ginawa ninyo; at ito ay napakadali para sa Allah}. At-Taghabun (64): 7

Sa katunayan, ang lahat ng kasulatang pangkalangitan ay nagkaisa tungkol dito.

**Sa Pakiramdam,** sa katunayan, naipakita na ng Allah sa Kanyang mga lingkod ang Kanyang pagbigay buhay sa mga patay sa mundong ito. Nasasaad sa Suratul Baqarah na may limang halimbawa na tumutukoy dito, ito ay ang mga sumusunod:

1- Ang mga tauhan ni Musa nang sabihin nila sa kanya: Kailanman ay hindi kami maniniwala sa iyo hangga't hindi namin nakikita ang Allah nang lantaran. Kung kaya't binawian sila ng buhay ng Allah at pagkatapos ay muling binigyan ng buhay, at dahil dito ang Allah ay nangusap sa angkan ng Israel:

﴿وَإِذْ قُلْتُمْ يَامُوْسَى لَنْ نُؤْمِنَ لَكَ حَتَّى نَرَى اللهَ جَهْرَةً فَأَخَذَتْكُمُ الصَّاعِقَةُ وَأَنْتُمْ تَنْظُرُوْنَ، ثُمَّ بَعَثْنَاكُمْ مِنْ بَعْدِ مَوْتِكُمْ لَعَلَّكُمْ تَشْكُرُوْنَ﴾

{At (tandaan) nang inyong sabihin: O Musa! Kailanman ay hindi kami maniniwala sa iyo hangga't hindi namin nakikita ang Allah nang lantaran. At kayo ay nilupig ng kulog at kidlat habang inyong pinagmamasdan (ang isa't isa sa inyo)! At ibinangon Namin

kayo pagkatapos ng inyong kamatayan baka sakaling kayo ay tumanaw ng utang na loob}. Al-Baqarah (2): 55-56

2- Sa isang kuwentong tumutukoy sa isang taong pinatay na pinagtatalunan ng angkan ng Israel (sa kung sino ang pumatay). [Al-Baqarah (2): 73]
3- Sa isang kuwentong nagsasalaysay tungkol sa mga taong lumisan mula sa kanilang mga tahanan upang takasan ang kamatayan, ang bilang nila'y libu-libo sa dami. Kung kaya't sila'y binawian ng Allah ng buhay, at pagkatapos ay muling binigyan ng buhay. [Al-Baqarah (2): 243]
4- Tungkol sa kuwento ng isang lalaking dumaan sa isang nayon na walang kabuhay-buhay at inaakala nito na ito’y hindi muling maibabalik ng Allah sa kanyang dating kasaganaan. Kaya binawian siya ng Allah ng buhay sa loob ng isang daang taon at muli niyang binuhay ito. [Al Baqarah (2): 259]
5- Tungkol sa kuwento ni Propeta Ibrahim nang kanyang hilingin sa Allah na ipakita sa kanya kung papaano Siya bumubuhay ng patay. [Al Baqarah (2): 260]

Ito'y mga halimbawang nararamdaman, aktuwal na pangyayari at nagpapatunay na maaaring buhayin ang mga patay. Nauna nang naisalaysay ang mga tanda ni `Isa na anak ni Maryam na siyang ibinigay ng Allah sa kanya, ang bumuhay ng mga patay at pinababangon sila mula sa kanilang mga libingan sa kapahintulutan ng Allah.

**<u>At sa Isipan:</u>** Ito’y may dalawang sangkap:
**<u>Una:</u>** Ang Allah ang lumikha ng kalangitan at kalupaan at ng lahat ng nasa loob nito. Siya ang lumikha ng dalawang ito magmula pa noon, at ang may kakayahang lumikha ng nilalang ng walang pinagmulan ay hindi mahirap sa Kanya ang ibalik ito sa dati niyang anyo o pinagmulan.

Ang Allah ay nagsabi: ﴿وَهُوَ الَّذِيْ يَبْدَأُ الْخَلْقَ ثُمَّ يُعِيْدُهُ وَهُوَ أَهْوَنُ عَلَيْهِ﴾
{At Siya ang nagpasimula ng mga nilalang at kapag namatay na ang mga ito ay Kanyang muling ibabalik ang buhay nito, at iyon ay napakadali para sa Kanya}. Ar-Rum (30): 27
At sinabi pa Niya: ﴿كَمَا بَدَأْنَا أَوَّلَ خَلْقٍ نُّعِيْدُهُ وَعْداً عَلَيْنَا إِنَّا كُنَّا فَاعِلِيْنَ﴾
{Kagaya din ng paglikha Namin noong una ibabalik Namin ito, at iyan ay pangako mula sa Amin tunay na Aming gagawin at tutuparin}. Al-Anbiya (21): 104

At sinabi pa Niya: Sa mga tumatangging muling mabuhay ang nabubulok na buto.
﴿قُلْ يُحْيِيْهَا الَّذِيْ أَنْشَأَهَا أَوَّلَ مَرَّةٍ وَهُوَ بِكُلِّ خَلْقٍ عَلِيْمٌ﴾
{Sabihin mo (O Muhammad): Bubuhayin siya ng lumikha sa kanya noong una, at Siya ang nakakaalam sa lahat ng nilalang}. Yasin (36): 79

**<u>Pangalawa:</u>** Ang patay na lupa na tuyong tuyo at walang kahoy na kulay berde. Datapuwat kapag ito’y nabuhusan ng ulan, ito’y gagalaw at lalabas magmula rito ang isang kulay berde na magbubunga ng ibat-ibang uri ng prutas na nakakasiyang

tanawin. Samakatuwid, ang may kakayahang buhayin ito pagkatapos na mamatay ay may kakayahan ding buhayin ang mga patay.

Ang Allah ay nagsabi:

﴿وَمِنْ آيَاتِهِ أَنَّكَ تَرَى الْأَرْضَ خَاشِعَةً فَإِذَا أَنْزَلْنَا عَلَيْهَا الْمَآءَ اهْتَزَّتْ وَرَبَتْ إِنَّ الَّذِيْ أَحْيَاهَا لَمُحْيِ الْمَوْتَى إِنَّهُ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيْرٌ﴾

{At ang ilan sa Kanyang mga tanda ay tunay na makikita mo sa isang lupain na tuyong tuyo na walang katanim tanim, na kapag ito ay binuhusan Namin ng ulan, ito'y gagalaw at magbubukadkad at tutubo ang mga tanim. Katotohanang ang sinumang bumubuhay nito ay kaya din Niyang buhayin ang mga patay. Katotohanang Siya ang makapangyarihan sa lahat ng bagay}. Fussilat (41): 39

At sinabi pa Niya:

﴿وَنَزَّلْنَا مِنَ السَّمَآءِ مَآءً مُّبَارَكاً فَأَنْبَتْنَا بِهِ جَنَّاتٍ وَحَبَّ الْحَصِيْدِ، وَالنَّخْلَ بَاسِقَاتٍ لَهَا طَلْعٌ نَّضِيْدٌ، رِزْقاً لِلْعِبَادِ وَأَحْيَيْنَا بِهِ بَلْدَةً مَيْتًا كَذَلِكَ الْخُرُوْجُ﴾

{At Aming ibinuhus mula sa kalangitan ang tubig na nagdudulot ng maraming biyaya, at pina-uusbong Namin sa pamamagitan nito ang mga harden, mga pananim na inaani at matataas na palmera na may maraming sanga na magkapatong patong. Ang lahat ng iyon ay panustos para sa mga lingcod, at sa pamamagitan din nito Aming binuhay ang isang patay na lupain (walang katanim tanim). Sa gayon Aming bubuhayin ang mga patay at sila'y magsisilabasan mula sa kanilang mga libingan sa Araw ng Paghuhukom}. Qaf (50): 11

**Ang paniniwala sa mga nagaganap sa kabila ng kamatayan ay bahagi ng paniniwala sa huling araw:**

**1- Ang pagsubok sa loob ng libingan:**

Ito'y ang pagtatanong sa patay matapos siyang ilibing tungkol sa kanyang Panginoon, relihiyon at ng Kanyang propeta, at papanatilihin ng Allah sa mga sumasampalataya ang matatag na salita, na kung saan ang maisasagot ng isang mananampalataya ay: Ang Allah ang aking Panginoon at ang Islam ang aking relihiyon at si Muhammad (ﷺ) ang aking Propeta, samantalang ililigaw ng Allah ang mga mapalinlang, kaya ang maisasagot ng walang pananampalataya: Hah! Hah! Hindi ko alam, at ang masasabi naman ng isang Munafiq (mapagkunwari) o ng taong nag-aalinlangan sa kanyang pananampalataya, hindi ko alam narinig ko sa mga tao na sila'y nagsasabi ng ganito (ng isang bagay) at iyon ang sinabi ko.

**2- Ang pagdurusa sa loob ng libingan at ang kaginhawahan dito:**

Tungkol sa pagdurusa sa loob ng libingan ay mapapasa mga taong manlilinlang mula sa mga Munafiq at walang pananampalataya.

Ang Allah ay nagsabi:

﴿وَلَوْ تَرَى إِذِ الظَّالِمُوْنَ فِيْ غَمَرَاتِ الْمَوْتِ وَالْمَلآئِكَةُ بَاسِطُوْا أَيْدِيْهِمْ أَخْرِجُوْا أَنْفُسَكُمْ الْيَوْمَ تُجْزَوْنَ عَذَابَ الْهُوْنِ بِمَا كُنْتُمْ تَقُوْلُوْنَ عَلَى اللهِ غَيْرَ الْحَقِّ وَكُنْتُمْ عَنْ آيَاتِهِ تَسْتَكْبِرُوْنَ﴾

{At kung makikita mo lamang (O Muhammad) ang mga makasalanan sa oras ng kanilang paghihingalo para harapin ang kamatayan, ang mga Anghel ay iaabot ang kanilang mga kamay at magsasabi: Ilabas ninyo ang inyong mga kaluluwa, ngayong araw malalasap ninyo ang matinding parusa na magpapahamak sa inyo dahil sa mga paratang ninyo sa Allah ng walang katotohanan, inyong ipinagmamalaki ang Kanyang mga tanda ngunit hindi naman kayo nananampalataya}. Al-An`am (6): 93

Ang Allah ay nagsabi pa hinggil sa mga tauhan ni Fir`aun:

﴿النَّارُ يُعْرَضُوْنَ عَلَيْهَا غُدُوًّا وَعَشِيًّا وَيَوْمَ تَقُوْمُ السَّاعَةُ أَدْخِلُوْا آلَ فِرْعَوْنَ أَشَدَّ الْعَذَابِ﴾

{Ang Apoy sa Impiyerno ang isusunog sa kanila sa umaga’t hapon, at sa pagsapit ng huling araw, sasabihin sa mga anghel, ipasok ninyo ang mga tauhan ni Fir`aun sa may pinakamatinding parusa}. Ghafir (40): 46

Sa Sahih Muslim sa isang Hadith na naiulat ni Zaid ibn Thabit (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah): “Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: [Kung hindi lamang kayo inililibing, hihilingin ko sana sa Allah na iparinig sa inyo ang pagdurusa sa libingan, gaya ng aking naririnig mula rito], at pagkatapos ay humarap siya at nagsabi: [Magpakupkup kayo sa Allah laban sa parusang igagawad sa Impiyerno]. Sila’y nagsabi: Nagpapakupkop kami sa Allah laban sa parusang igagawad sa Impiyerno. At muli siyang nagsabi: [Magpakupkup kayo sa Allah laban sa pagdurusa sa loob ng libingan]. Kanilang sinabi: Nagpapakupkop kami sa Allah laban sa pagdurusa sa loob ng libingan. At nagsabi siya muli: [Magpakupkop kayo sa Allah laban sa mga tukso mula sa hayag at lingid nito]. Sinabi nila: Kami ay nagpapakupkop sa Allah laban sa mga tukso mula sa hayag at lingid nito. At muli siya ay nagsabi: [Magpakupkup kayo sa Allah laban sa tukso ni Dajjal (ang bulaang kristo)]. Sila ay nagsabi: Kami ay nagpapakupkop sa Allah laban sa tukso ni Dajjal”.

Tungkol naman sa kaginhawaan sa loob ng libingan, ito'y para lamang sa mga matatapat na mananampalataya.

Ang Allah ay nagsabi:

﴿إِنَّ الَّذِيْنَ قَالُوْا رَبُّنَا اللهُ ثُمَّ اسْتَقَامُوْا تَتَنَزَّلُ عَلَيْهِمُ الْمَلَائِكَةُ أَلَّا تَخَافُوْا وَلَا تَحْزَنُوْا وَأَبْشِرُوْا بِالْجَنَّةِ الَّتِيْ كُنْتُمْ تُوعَدُوْنَ﴾

{Katotohanan, ang mga taong nagsasabi ng: Ang Allah ang aming Panginoon, at sila'y matatag sa kanilang paniniwala at tungkulin, sa kanila ay magsisibaba ang mga anghel sa oras ng kanilang paghihingalo at magsasabi sa kanila: Huwag kayong matakot sa mga haharapin ninyo at huwag malumbay sa mga naiwan ninyo at dapat kayong matuwa sa Paraisong naipangako sa inyo}. Fussilat (41): 30

Sinabi pa ng Allah:

﴿فَلَوْلَا إِذَا بَلَغَتِ الْحُلْقُوْمَ، وَأَنْتُمْ حِيْنَئِذٍ تَنْظُرُوْنَ، وَنَحْنُ أَقْرَبُ إِلَيْهِ مِنْكُمْ وَلَكِنْ لَّا تُبْصِرُوْنَ، فَلَوْلَا إِنْ كُنْتُمْ غَيْرَ مَدِيْنِيْنَ، تَرْجِعُوْنَهَا إِنْ كُنْتُمْ صَادِقِيْنَ، فَأَمَّا إِنْ كَانَ مِنَ الْمُقَرَّبِيْنَ، فَرَوْحٌ وَرَيْحَانٌ وَجَنَّاتُ نَعِيْمٍ﴾

{Na kapag sumapit na sa lalamunan ang kaluluwa sa oras ng paghugot nito, sa mga oras na yaon sinusundan ninyo ng tingin ito, datapuwa't Kami ang higit na nakakaalam kaysa sa inyo tungkol dito, subalit hindi ninyo nalalaman. Sige nga! Kung talagang inaakala ninyong hindi kayo babangon ulit pagkatapos ng kamatayan, pabalikin ninyo ang kaluluwa sa katawan kung talagang kayo ang makatuwiran. At kapag ang namatay ay kabilang sa mga malalapit sa Allah sasakanya ang kapanatagan, magagandang panustos at ang Paraiso ng kaginhawaan}. Al-Waqi`ah (56): 83-89

Naiulat ni Al-Bara' ibn Azib (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah): "Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi hinggil sa isang mananampalataya na kapag nasagot nito ang dalawang anghel sa loob ng libingan: [Mananawagan ang isang nananawagan mula sa kalangitan: {Katotohanang makatuwiran ang aking lingcod, kaya latagan ninyo siya ng carpet mula sa Paraiso at damitan ninyo siya ng damit mula sa Paraiso at buksan ninyo sa kanya ang isang pintuan patungong Paraiso}. Sinabi niya: at dadalhin sa kanya ang kaginhawaan nito at ang mga mabubuting bagay nito, at palalawakin sa kanya ang loob ng kanyang libingan hanggang sa abot ng kanyang matatanaw]". Isinalaysay ni Ahmad at Abu Daud sa isang mahabang Hadith.

Katotohanang nangaligaw ang pangkat ng mga Zaigun (lipon ng mga naliligaw sa tunay na landas), kanilang pinabulaanan ang pagdurusa sa loob ng libingan at ang kaginhawahan nito, inaakala nilang hindi ito maaaring mangyari, dahil sumasalungat ito sa aktuwal na pangyayari. Bagkus, kanilang sinasabi: Katiyakang kung ilalabas ang patay buhat sa kanyang libingan, ito'y makikitang nasa dati pa rin niyang kaayusan at ang libingan ay hindi pa rin naiba sa dati niyang kaluwangan o kasikipan.

**Ang pag-aakalang iyan ay walang saysay maging sa batas, pakiramdam at sa kaisipan:**

**Sa Batas:** Naipahiwatig na ng mga naunang talata ang pagpapatunay sa pagdurusa sa libingan at sa kaginhawahan nito.
At nasasaad pa sa Sahih Al-Bukhari, sa Hadith ni Ibn Abbas (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) siya ay nagsabi: "Lumabas ang Propeta (ﷺ) mula sa isa sa mga bakod ng Al-Madinah, at siya ay nakarinig ng boses ng dalawang taong pinarurusahan sa loob ng kanilang libingan". At pagkatapos ay binanggit niya ang kabuuan ng Hadith: [Katotohanan, ang isa sa kanila ay hindi nagkukubli sa pag-ihi at ang isa nama'y nagkakalat ng Namimah (naghahatid ng balita sa mga tao na may masamang layunin)]".

**Sa Pakiramdam:** Katotohanan, ang isang natutulog ay kanyang nakikita minsan sa kanyang pagtulog na siya ay nasa maluwang na lugar, nakasisiyang lugar at tumatamasa doon ng kaginhawahan, o di kaya nasa lugar na masikip, nakakatakot at

nagdurusa roon, at kung minsan nama'y nagising siya sa kanyang nakikita, subalit nandodoon pa rin siya sa kanyang higaan sa loob ng kanyang silid na nasa dati pa rin niyang kaayusan.
Ang pagtulog ay kapatid ng kamatayan kaya tinagurian ng Allah ito ng kamatayan.

Ang Allah ay nagsabi:
﴿اللَّهُ يَتَوَفَّى الْأَنْفُسَ حِينَ مَوْتِهَا وَالَّتِيْ لَمْ تَمُتْ فِيْ مَنَامِهَا فَيُمْسِكُ الَّتِيْ قَضَى عَلَيْهَا الْمَوْتَ وَيُرْسِلُ الْأُخْرَى إِلَى أَجَلٍ مُسَمًّى﴾
{Binabawian ng Allah ng buhay ang mga may buhay sa sandali ng kanilang kamatayan at yaong hindi namatay sa sandali ng kanyang pagtulog. Datapuwa't Kanyang pinipigilan yaong naitakda na sa kanila ang kamatayan at Kanyang pinalalaya ang iba hanggang sa natatakdaang panahon}. Az-Zumar (39): 42

**At sa Kaisipan**: Ang natutulog ay kanyang nakikita sa kanyang pagtulog ang totoong pangitain na parang aktuwal na pangyayari, at baka kung minsan kanyang makita ang Propeta (ﷺ) sa kaanyuan nito, at sinuman ang makakita sa kanyang kaanyuan (sa panaginip) ay tunay na kanyang nakita ito. Magkagayon pa man ang natutulog sa loob ng kanyang silid sa kanyang banig ay malayo sa mga nakita niya. Samakatuwid, kung iyan ay maaaring maganap sa mga kalagayan dito sa mundo, hindi ba maaaring maganap din iyon sa huling araw??!

At tungkol naman sa pinapanindigan nila sa kanilang pag-aakala na kung ilalantad ang patay sa kanyang libingan, matatagpuang gayon pa rin siya sa dati niyang kaayusan at ang libingan ay hindi nabago sa kaluwangan nito at kasikipan.

**Ang Sagot dito ay may ilang sangkap:**
**Una**: Hindi maaaring salungatin ang mga naiparating ng batas sa mga ganitong walang saysay na Shubhah (hindi alam kung tama o mali) na kung sisiyasatin lang ng sumasalungat ang mga naiparating ng batas sa tunay na pagsasaliksik kanyang mapagtatanto ang pagkawalang saysay ng mga Shubhah na ito.
**Pangalawa**: Ang mga nangyayari sa Barzakh (pagkabuhay muli sa loob ng libingan) ay bahagi ng mga bagay na lingid na hindi natatalos ng pakiramdam, at kung natatalos lamang ng pakiramdam, sa gayon mawawalan ng halaga ang paniniwala sa Gayb (mga lingid), at magiging kasing tulad ng mga mananampalataya ang mga tumatanggi nito sa paniniwala.
**Pangatlo**: Ang kaparusahan, kaginhawaan at ang pagkaluwang ng libingan at pagkasikip nito ay ang patay lamang ang tanging nakakaalam nito na wala sa iba bukod sa kanya, at iyan ay kasing tulad lamang ng isang natutulog, kanyang nakikita sa kanyang pagtulog na siya ay nasa masikip, nakakatakot na lugar o kaya nasa malawak, nakakasiya na lugar, subalit ang mga nasa kanyang paligid ay hindi nakikita ang mga iyon, ni hindi nararamdaman ito. Katotohanang ang Propeta (ﷺ) ay kinakasihan at kung minsan siya ay nasa pagitan ng kanyang mga tagasunod, kanyang naririnig ang Wahe (Revelation) na hindi naririnig ng kanyang mga kasamahan, at kung minsan ay nagsasa-anyong lalaki sa kanya ang anghel (Jibril) at kinakausap siya at ang kanyang mga kasamahan ay hindi nakikita ang anghel at hindi rin nila naririnig ito.

**Pang-apat:** Ang pakiramdam ng nilalang ay limitado sa kung saan lamang ang ibinigay sa kanila ng Allah na maaari nilang matalos ng pakiramdam, datapuwa't hindi maaaring matalos nila ang lahat ng umiiral, ang pitong kalangitan at kalupaan, ang lahat ng mga nasa loob nito at ang lahat ng bagay ay lumuluwalhati sa pagpupuri sa Allah ng tunay na pagluluwalhati, na kung minsan ay ipinaparinig ng Allah sa Kanyang nilikha sa kaninumang naisin Niya, ngunit magkagayon pa man Siya ay lingid pa rin sa atin.

Sinabi ng Allah:

﴿تُسَبِّحُ لَهُ السَّمَاوَاتُ السَّبْعُ وَالْأَرْضُ وَمَنْ فِيْهِنَّ وَإِنْ مِنْ شَيْءٍ إِلَّا يُسَبِّحُ بِحَمْدِهِ وَلَكِنْ لَا تَفْقَهُوْنَ تَسْبِيْحَهُمْ﴾

{Lumuluwalhati sa Kanya ang pitong kalangitan at kalupaan at ang lahat ng nasa loob nito, at walang isang bagay kundi lumuluwalhati sa Kanyang kapurihan, subalit hindi ninyo naiintindihan ang kanilang pagluluwalhati}. Al-Isra' (17): 44

At gayon din naman ang mga demunyo at jinn, sila ay lumalakad sa kalupaan nang papunta roon at pabalik. Sa katunayan, minsan ay dumating ang mga jinn sa Propeta (ﷺ) at sila'y taimtim na nakikinig sa kanyang binabasa, at pagkatapos sila'y lumisan patungo sa kanilang mga tauhan para magbabala, ngunit gayon pa man sila ay lingid pa rin sa atin.

Gaya ng sinabi ng Allah:

﴿يَابَنِيْ آدَمَ لاَ يَفْتِنَنَّكُمُ الشَّيْطَانُ كَمَا أَخْرَجَ أَبَوَيْكُمْ مِنَ الْجَنَّةِ يَنْزِعُ عَنْهُمَا لِبَاسَهُمَا لِيُرِيَهُمَا سَوْءَاتِهِمَا إِنَّهُ يَرَاكُمْ هُوَ وَقَبِيْلُهُ مِنْ حَيْثُ لَا تَرَوْنَهُمْ إِنَّا جَعَلْنَا الشَّيَاطِيْنَ أَوْلِيَآءَ لِلَّذِيْنَ لَا يُؤْمِنُوْنَ﴾

{O mga anak ni Adam! Huwag na huwag ninyo hayaang maililigaw kayo ni Satanas nang tulad ng kanyang pagtaboy sa inyong mga magulang mula sa Paraiso, kanyang hinubad sa kanila ang kanilang kasuutan upang ipakita sa kanilang dalawa ang mga masisilang bahagi ng kanilang katawan. Katotohanang nakikita niya kayo, siya at ng kanyang mga kampon, ngunit hindi ninyo sila nakikita. Katotohanang Aming nilikha ang mga demunyo para maging Wali (tagapamahala) ng mga taong hindi nananampalataya}. Al-A`raf (7): 27

At dahil ang nilalang ay hindi natatalos ng kanyang pakiramdam ang lahat ng umiiral, dapat lamang na hindi nila maaaring tanggihan ang mga napatunayan sa mga bagay na lingid na hindi nila natatalos ng pakiramdam.

# 6- ANG PANINIWALA SA QAD'R O TADHANA

Ang paniniwala sa tadhana ay ang wagas na paniniwala na ang Allah ang lumikha ng lahat ng bagay, ang namamahala at ang nagmamay-ari nito, Siya ang nagtakda ng mga natatakdaang kapalaran, ang mabuti at masama nito, ang matamis at mapait nito, at Siya rin ang lumikha sa ligaw na landas at tamang landas, ang kasamaan at ang kabutihan, ang taning ng buhay at ang mga panustos ay nakasalalay sa Kanyang Kamay, Kaluwalhatian sa Kanya at Kataas-taasan.

**Ang QAD'R**: ay ang pagtatakda ng Allah sa kahihinatnan ng mga nilalang batay sa Kanyang walang hanggang kaalaman at wagas na layunin sa paglikha.

## Ang Paniniwala sa Qad'r ay Binubuo ng Apat na Sangkap:

1- Ang paniniwala na ang Allah ay nalalaman ang lahat ng bagay, ang kabuuan at ang ditalye nito, ang simula at katapusan nito, maging ito'y sa Kanyang mga gawain o sa mga gawain ng Kanyang mga lingkod.
2- Ang paniniwala na ang Allah ay naisulat ang mga iyon sa **al-Lawh al-Mahfud**. Patungkol sa dalawang ito, ang Allah ay nagsabi:

﴿أَلَمْ تَعْلَمْ أَنَّ اللَّهَ يَعْلَمُ مَا فِي السَّمَآءِ وَالْأَرْضِ إِنّ ذَلِكَ فِي كِتَابٍ إِنّ ذَلِكَ عَلَى اللهِ يَسِيرٌ﴾

{Hindi mo ba alam (O Muhammad), na ang Allah ay Kanyang nalalaman ang anumang nasa kalangitan at kalupaan. Katotohanang iyon ay nasa Aklat (talaan ng mga gawain), katotohanang iyon para sa Allah ay lubhang napakadali}. Al-Hajj (22): 70

Sa Sahih Muslim, si Abdullah ibn Amr ibnul `As (Sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: "Narinig ko sa Sugo ng Allah, siya ay nagsabi: [Isinulat na ng Allah ang mga takdang kapalaran ng mga nilalang bago pa Niya nilikha ang mga kalangitan at kalupaan ng limampung taon].

3- Ang paniniwala na ang lahat ng nilalang ay hindi magkakaroon kung hindi hinangad ng Allah, maging sa Kanyang gawain o sa gawain ng Kanyang mga nilalang.

Ang Allah ay nagsabi tungkol sa Kanyang gawain: ﴿وَرَبُّكَ يَخْلُقُ مَا يَشَآءُ﴾

{At ang iyong Panginoon ay lumilikha ng anumang Kanyang naisin}. Al-Qasas (28): 68

Sinabi pa Niya: ﴿وَيَفْعَلُ اللَّهُ مَا يَشَآءُ﴾

{At ginagawa ng Allah ang anumang Kanyang naisin}. Ibrahim (14): 27

At sinabi pa Niya: ﴿هُوَ الَّذِيْ يُصَوِّرُكُمْ فِي الْأَرْحَامِ كَيْفَ يَشَآءُ﴾

{Siya ang nagbibigay hugis sa inyo sa loob ng mga sinapupunan sa kung paano Niya naisin}. Al-`Imran (3): 6

Siya ay nagsabi rin tungkol sa gawain ng mga nilalang:﴿وَلَوْ شَآءَ اللَّهُ لَسَلَّطَهُمْ عَلَيْكُمْ فَلَقَاتَلُوْكُمْ﴾

{At kung ninais ng Allah, katiyakang binigyan Niya sila ng lakas upang lumaban sa inyo, sa gayon katiyakang sila ay makikipaglaban sa inyo}. An-Nisa’ (4): 90

At sinabi pa Niya: ﴿وَلَوْ شَآءَ اللَّهُ مَا فَعَلُوْهُ فَذَرْهُمْ وَمَا يَفْتَرُوْنَ﴾

{At kung ninais ng Allah, hindi sana nila nagawa iyon, kaya hayaan mo sila at ang anumang ginagawa-gawa nilang kasinungalingan}. Al-An`am (6): 137

4- Ang paniniwala na ang lahat ng nilalang ay nilikha ng Allah, ang kanilang kabuuan, katangian, kilos at galaw.

Sinabi ng Allah: ﴿اللَّهُ خَالِقُ كُلِّ شَيْءٍ وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ وَكِيْلٌ﴾

{Ang Allah ang Tagapaglikha ng lahat ng bagay, at Siya rin ang Tagapamahala ng lahat ng bagay}. Az-Zumar (39):62

Sinabi pa Niya: ﴿وَخَلَقَ كُلَّ شَيْءٍ فَقَدَّرَهُ تَقْدِيْراً﴾

{At nilikha Niya ang lahat ng bagay, at tinakdaan Niya ito ng wastong sukat}. Al-Furqan (25): 2

At Siya ay nagsabi pa tungkol sa Kanyang Propetang si Ibrahim:
Nang siya ay magsabi sa kanyang pamayanan: ﴿وَاللَّهُ خَلَقَكُمْ وَمَا تَعْمَلُوْنَ﴾

{At ang Allah ang lumikha sa inyo at sa anumang ginagawa ninyo}. As-Saffat (37): 96

Ang paniniwala sa Qadar katulad ng naisalaysay natin ay hindi binabaliwala ang sariling desisyon ng isang lingkod sa mga gawaing maaari niyang pagpipilian, at ang sarili niyang kakayahan para gampanan ang mga ito. Sapagka’t ang <u>batas</u> at ang <u>aktuwal</u> na pangyayari ay itinuturo ang pagpapatunay nito sa kanya.

**Sa Batas:**
Ang Allah ay nagsabi tungkol sa pagkakaroon ng sariling desisyon: ﴿فَمَنْ شَآءَ اتَّخَذَ إِلَى رَبِّهِ مَآباً﴾

{Kaya ang sinumang may gusto, siya ay magtakda ng isang lugar (o isang daan tungo) sa kanyang Panginoon}. An-Naba’ (78): 39

Sinabi pa Niya: ﴿فَأْتُوْا حَرْثَكُمْ أَنَّى شِئْتُمْ﴾

{Kaya't lumapit kayo sa inyong taniman sa anumang paraan na inyong naisin}. Al-Baqarah (2): 223

At Siya ay nagsabi rin tungkol sa angking kakayahan: ﴿فَاتَّقُوْا اللَّهَ مَا اسْتَطَعْتُمْ وَاسْمَعُوْا وَأَطِيْعُوْا﴾

{At matakot kayo sa Allah sa abot ng inyong makayanan, kaya makinig at sumunod kayo (sa mga pangaral ng Allah at ng Kanyang Sugo)}. At-Taghabun (64): 16

At sinabi pa Niya: ﴿لَا يُكَلِّفُ اللَّهُ نَفْساً إِلَّا وُسْعَهَا لَهَا مَا كَسَبَتْ وَعَلَيْهَا مَا اكْتَسَبَتْ﴾

{Hindi inuubligahan ng Allah ang isang may buhay maliban sa abot ng kanyang makakaya, sasakanya ang anumang (kabutihang bunga ng) kanyang pinagsumikapan at pagdurusahan niya ang anumang (kasamaan na) kanyang ginawa}. Al-Baqarah (2): 286

**Tungkol naman sa aktuwal na pangyayari:**
Katotohanan, ang bawat tao ay nalalaman niya na siya ay may sariling desisyon at kakayahan, maari niyang gawin ang isang bagay at maari naman din niyang iwasan ito, bagkus maari niyang pag-ibahin ang mga bagay na umaayon sa kanyang kagustuhan, katulad halimbawa ng paglalakad, gayundin ang di uma-ayon sa kanyang kagustuhan, katulad halimbawa ng panginginig. Datapuwa't ang kagustuhan ng isang lingkod at ang kanyang kakayahan ay nakasalalay sa kagustuhan ng Allah at sa Kanyang kakayahan, sapagka't Siya ang lumikha sa mga ito, samakatuwid Siya ang lumikha sa lahat ng lingkod at ng kanilang mga gawa.

Batay sa Kanyang sinabi: ﴿لِمَنْ شَآءَ مِنْكُمْ أَنْ يَسْتَقِيْمَ، وَمَا تَشَآءُوْنَ إِلَّا أَنْ يَشَآءَ اللَّهُ رَبُّ الْعَالَمِيْنَ﴾

{Para sa sinumang may nais sa inyo na tumahak ng matuwid na landas, datapuwa't wala kayong naipapasiya na kagustuhan maliban kung naisin ng Allah, ang Panginoon ng lahat ng nilalang}. At-Takwir (81): 28-29
At sa kadahilanang ang lahat ng nilalang ay pag-aari ng Allah, magkagayon walang maaring maganap na anumang bagay sa Kanyang kaharian nang wala Siyang alam, pahintulot at paglilikha.

**Ang paniniwala sa Qad'r o Tadhana batay sa mga nailarawan natin ay hindi nagbibigay ng katuwiran sa isang lingkod upang kumalas sa mga tungkulin o gumawa ng masamang gawain, sapagkat ang paninindigan niyang ito ay walang saysay sa mga sumusunod na kadahilanan:**

**<u>Una</u>**: Ang Allah ay nagsabi :

﴿سَيَقُوْلُ الَّذِيْنَ أَشْرَكُوْا لَوْ شَآءَ اللَّهُ مَا أَشْرَكْنَا وَلَا آبَاؤُنَا وَلَا حَرَّمْنَا مِنْ شَيْءٍ كَذَلِكَ كَذَّبَ الَّذِيْنَ مِنْ قَبْلِهِمْ حَتَّى ذَاقُوْا بَأْسَنَا قُلْ هَلْ عِنْدَكُمْ مِنْ عِلْمٍ فَتُخْرِجُوْهُ لَنَا إِنْ تَتَّبِعُوْنَ إِلَّا الظَّنَّ وَإِنْ أَنْتُمْ إِلَّا تَخْرُصُوْنَ﴾

{Katiyakang sasabihin ng mga nagsitambal sa Allah: Kung ginusto lamang ng Allah hindi sana kami nakapagtambal at gayundin ang aming mga ninuno, ni hindi rin sana namin naipagbawal ang anumang bagay. Sa gayon nagpabula yaong mga nauna sa kanila hanggang sa natikman nila ang Aming parusa. Kaya sabihin mo (O Muhammad)!: Mayroon ba kayong alam at ilahad ninyo sa amin. Katotohanang wala kayong sinusunod maliban sa haka-haka lamang at wala kayong sinasabi kundi kasinungalingan}. Al-An`am (6): 148
At kung makatuwiran nga na ang maging batayan nila ay ang Qadar, hindi sana ipinatikim ng Allah sa kanila ang Kanyang parusa, samakatuwid sila ay tumiwalag sa kanilang pananampalataya dahil sa pag-aangkin nila ng kaalaman tungkol sa bagay na lingid.

**Pangalawa**: Ang Allah ay nagsabi:

﴿رُسُلاً مُبَشِّرِيْنَ وَمُنْذِرِيْنَ لِئَلَّا يَكُوْنَ لِلنَّاسِ عَلَى اللهِ حُجَّةٌ بَعْدَ الرُّسُلِ وَكَانَ اللهُ عَزِيْزاً حَكِيْماً﴾

{At Kami ay nagsugo ng mga Sugong maghahatid ng magagandang balita at magbabala sa inyo, upang walang maikatuwiran ang mga tao sa Allah matapos gampanan ng mga Sugo ang kanilang tungkulin, at ang Allah ay Ganap na Makapangyarihan, Ganap na Matalino}. An-Nisa' (4): 165

Kung ang Qadar ay makatuwirang panindigan ng mga sumasalungat, hindi mapapawalan ng saysay ang kanilang pinapanindigan sa pagsugo sa mga Sugo, dahil ang pagsalungat matapos silang maisugo ay nangyayari rin batay sa katakdaan ng Allah.

## Ang Paniniwala sa Qad'r ay nagdudulot ng magagandang Aral:

**Ang ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod:**

1. Ang umasa lamang sa Allah matapos gawin ang mga dahilan, datapuwat hindi dapat umasa lamang sa dahilan mismo dahil ang lahat ng bagay ay nakasalalay sa katakdaan ng Allah.
2. Hindi dapat humanga ang isang tao sa kanyang sarili kapag nakamtan niya ang kanyang minimithi, sapagkat ang pagkakuha niya sa mga ito ay biyayang mula sa Allah batay sa naitakda Niyang dahilan ng kabutihan at tagumpay, samantalang ang paghanga niya sa kanyang sarili ay magiging daan para makalimutan niyang magpasalamat sa mga biyayang ito.
3. Ang kapanatagan at kaginhawaan ng loob sa mga dumarating sa kanyang buhay mula sa mga itinakda ng Allah, at hindi dapat siya mangamba sa mga nawawalang mahalagang bagay o dumarating na mga kasawian sa kanyang buhay, dahil ang lahat ng iyon ay itinakda ng Allah ang tanging nagmamay-ari ng mga kalangitan at ng kalupaan, sapagkat ito'y katiyakang mangyayari.

Dahil dito ang Allah ay nagsabi:

﴿مَا أَصَابَ مِنْ مُصِيْبَةٍ فِي الْأَرْضِ وَلَا فِيْ أَنْفُسِكُمْ إِلَّا فِيْ كِتَابٍ مِنْ قَبْلِ أَنْ نَبْرَأَهَا إِنَّ ذَلِكَ عَلَى اللهِ يَسِيْرٌ، لِكَيْلَا تَأْسَوْا عَلَى مَا فَاتَكُمْ وَلَا تَفْرَحُوْا بِمَا آتَاكُمْ وَاللهُ لَا يُحِبُّ كُلَّ مُخْتَالٍ فَخُوْرٍ﴾

{Walang sakuna na nagaganap sa ibabaw ng kalupaan (tulad ng lindol, baha, pagkamatay ng mga pananim), at sa inyong mga sarili (tulad ng sakit, kasawian, negusyong bumagsak, namatayan ng kamag-anak at iba pa) kundi (ang lahat ng iyon ay nakatalaga) sa Aklat (talaan ng mga gawain) bago Namin nilika ang mga ito. Katotohanang iyon para sa Allah ay napakadali, upang hindi kayo mawalan ng pag-asa at malumbay sa mga lumalampas sa inyo, at huwag kayo magpakasaya dahilan sa mga ipinagkaloob sa inyo (na katiwasayan), sapagkat ang Allah ay hindi nagmamahal sa lahat ng mapagmalaki, mapagmataas}. Al-Hadid (57): 22-23

At sinabi ng Propeta (ﷺ): [Nakapagtataka ang ginagalawan ng isang mananampalataya, ang lahat ng kanyang ginagalawan ay pawang kabutihan, at wala ito sa kahit na sinong

may buhay kundi sa taong mananampalataya lamang, na kapag siya ay tumanggap ng kaginhawaan siya ay nagpapasalamat, at iyon ay mabuti para sa kanya at kapag ang dumating naman sa kanya ay kasawian siya ay nagtitiis at iyon ay mabuti pa rin para sa kanya]. Isinalaysay ni Muslim.

**Sa katunayan, may naligaw pa rin sa Qadar na dalawang pangkat:**

Una: Ang Jabariyah, sila ang nagsasabi na ang isang lingkod ay napipilitan lamang sa kanyang ginagawa, wala siyang sariling desisyon at kalayaang pumili.
Pangalawa: Ang Qadariyah, sila ang nagsasabi naman na ang isang lingkod ay may sariling desisyon at kakayahan at walang kunikseyon dito ang kapasiyahan ng Allah at ng Kanyang kapangyarihan.

**Ang sagot sa unang pangkat (sa Jabariyah) ay may pambatas at may pang-aktuwal:**
**Sa Pambatas**: Katotohanang pinatunayan ng Allah na ang lingkod ay may sariling kagustuhan at desisyon sa kanyang ginagawa.

Ang Allah ay nagsabi: ﴿مِنْكُمْ مَنْ يُرِيْدُ الدُّنْيَا وَمِنْكُمْ مَنْ يُرِيْدُ الآخِرَةَ﴾

{Mayroon sa inyo ang siyang naghahangad ng kamunduhan, samantalang ang iba naman sa inyo ay naghahangad ng kabilang buhay}. Al-`Imran (3): 152

Sinabi pa Niya:
﴿وَقُلِ الْحَقُّ مِنْ رَبِّكُمْ فَمَنْ شَآءَ فَلْيُؤْمِنْ وَمَنْ شَآءَ فَلْيَكْفُرْ إِنَّا أَعْتَدْنَا لِلظَّالِمِيْنَ نَاراً أَحَاطَ بِهِمْ سُرَادِقُهَا﴾

{At sabihin mo (O Muhammad ﷺ): Ang Katotohanan ay mula sa inyong Panginoon, kaya ang sinuman sa inyo ang nais sumampalataya ay manampalataya at ang sinumang nais tumalikod sa pananampalataya ay tumalikod. Katotohanang Aming inilaan sa mga makasalanan ang Apoy na nakapalibot sa kanila ang mga pader nito}. Al-Kahf (18): 29

At sinabi pa Niya: ﴿مَنْ عَمِلَ صَالِحاً فَلِنَفْسِهِ وَمَنْ أَسَآءَ فَعَلَيْهَا وَمَا رَبُّكَ بِظَلَّامٍ لِلْعَبِيْدِ﴾

{Sinuman ang gumawa ng isang matuwid na gawa, ito ay para sa (kapakinabangan ng) kanyang sarili; at sinuman ang gumawa ng masama, ito ay laban sa kanyang sarili. At ang iyong Panginoon ay hindi naging di-makatarungan sa (Kanyang) mga alipin}. Fussilat (41): 46
**At sa Pang-aktuwal**: Katotohanang ang bawat tao ay nalalaman kung paano niya pag-ibahin ang kanyang gawaing maaari niyang pagpipilian, may ginagawa siyang kusang loob niyang ginagawa, katulad halimbawa ng pagkain, pag-inom, pagbebenta, o pamimili, at gayundin naman ang mga gawaing hindi niya kusang loob na ginusto, katulad halimbawa ng panginginig dahil sa lagnat o pagkahulog mula sa itaas. Sa unang halimbawa siya ay kusang gumawa na ayon sa kanyang kalooban, hindi siya pinilit, at sa ikalawang halimbawa wala siyang kalayaang pumili at hindi niya kagustuhan ang mga nangyayari sa kanya.

**Ang sagot naman sa pangalawang pangkat (sa Qadariyah) ay may pambatas at pangkaisipan:**

**Sa Pambatas**: Katotohanang ang Allah ang lumikha sa lahat ng bagay at ang mga ito ay umiiral batay sa Kanyang kalooban at tunay na pinaliwanag na ng Allah sa Kanyang Aklat, na ang mga gawain ng Kanyang mga alipin ay nagaganap batay sa Kanyang kalooban.

Sinabi ng Allah:

**﴿وَلَوْ شَآءَ اللَّهُ مَا اقْتَتَلَ الَّذِيْنَ مِنْ بَعْدِهِم مِنْ بَعْدِ مَا جَآءَتْهُمُ الْبَيِّنَاتُ وَلَكِنِ اخْتَلَفُوْا فَمِنْهُمْ مَنْ آمَنَ وَمِنْهُمْ مَنْ كَفَرَ وَلَوْ شَآءَ اللَّهُ مَا اقْتَتَلُوْا وَلَكِنَّ اللَّهَ يَفْعَلُ مَا يُرِيْدُ﴾**

{At kung ninais lamang ng Allah, hindi sana naganap ang paglalaban ng mga yaong dumating pagkaraan nila, pagkatapos na dumating sa kanila ang mga mahahayag na patunay, subalit sila ay nagkasalungatan, kaya ang ilan sa kanila ay sumampalataya at ang iba naman ay hindi sumampalataya, datapuwat kung ninais lamang ng Allah hindi sana sila naglaban-laban hanggang humantong sa patayan, subalit ang Allah ay ginagawa ang lahat ng Kanyang nagugustuhan}. Al-Baqarah (2): 253

Sinabi pa Niya: **﴿وَلَوْ شِئْنَا لَأَتَيْنَا كُلَّ نَفْسٍ هُدَاهَا وَلَكِنْ حَقَّ الْقَوْلُ مِنِّيْ لَأَمْلَأَنَّ جَهَنَّمَ مِنَ الْجِنَّةِ وَالنَّاسِ أَجْمَعِيْنَ﴾**

{At kung Amin lamang ninais; katiyakang Aming mabibigyan ang bawa't kaluluwa ng tamang patnubay; datapuwa't ang Salita (kapasiyahan) na mula sa Akin ay maipapatupad (sa mga makasalanan). Katotohanang Aking pupunuin ang Impiyerno ng mga Jinn at mga tao na magkakasama}. As-Sajdah (32): 13

**At sa Pangkaisipan:**

Sa katunayan, ang lahat ng nilalang ay pag-aari ng Allah at ang tao ay kabilang na sa nilalang na iyan, siya ay pag-aari din ng Allah. Ngayon, hindi maaari na ang isang ari-arian lamang ay maghihimasuk sa kaharian ng may ari maliban kung may kapahintulutan mula sa Kanya at sa Kanyang kagustuhan.

Isinalin sa Tagalog ni: Mohammad Taha Ali

**ISLAMIC PROPAGATION OFFICE INRABWAH**

الطبعة الثالثة – مزيدة ومنقحة ١٤٣٧/١٢/١٩هـ